

I TAON.BILANG 6.

"Alza tu tersa RIZAL  
Juventud Filipina".....! RIZAL.

# BANGON

Pahayagang tagapamatnugot

NG

KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL

Ilinalathala tuwing kalahati at katapusan ng bawat buwan.

\* \* Pasig, Rizal, ika 30 ng Abril ng 1909. \*

## MGA NILALAMAN.

1. Magbitiw tayo ng salapi.—2. Ang pinagnmulan ng sandaigdig ni *Laking-Hlog*.—3. Pag-aalaga sa mga Sangol.—4. Mga tañà sa Rizal ni *The Humblest*.—5. Diwà ng Bayani tulà ni *Talibago*.—6. Mapaghinalà! ni *Taga-Ulap*.—7. Boys Filipinos ni *Fauno*.—8. Pjantikin daw ni Keko.—9. El ideal Filipino ni *El Errmitaño del Pasig*.—10. Ang Katubusan ng labá ni *Sinag-Bituin*.—11. Por el honor del nacionalismo ni *Juan Baltazar*.—12. Ang unang pagpatay, ni *Celse*.—13. Monumento sa dakilang Bayani.—14. Kilos ng mga Kapisanan sa Rizal.—15. Tayotayo lamang ni *Juana Dálisay*.—16. Mga hatol na mahabalagá.

# MAHALAGANG PAUNAWA

Halagá ng pagpapadalá: ISANG PESETA ISANG BUAN.

Kung ipagpauna ang bayad sa tatlong buan, ISANG SALAPI.

Halagá nang pagbibili: LABING ANIM NA KUWARTA BAWAT ISA.

Ang mōga palathala'y sa halagáng pagkakasunduan.

*Pán̄gasiwaan, daang Castillejos bilang 19. Kyapo, Māynilà.*

Isinasamo sa lahat nōg sa ami'y tumatangkilik, na mangyaring ipagbigay alam agad sa Pán̄gasiwaan nōg pahayagang ito ang di nila pagtanggap nōg mōga bilang na aming ipinadadalá; gayon din ipagbigay sabi agad ang pag-lipat nōg tahanan.

Ang mōga libam na nanukol sa tagupamahala nōg pahayagang ito'y mangyaring ipahatid sa bayan nōg San Pedro Makati, Rizal.

## *jjKahan̄jáhan̄já, Kalugódlugod!!*

Isang balitang napakamahalaga sa Kapuluán.

Malapit nang ma ang

**“K . . T . . B . . S . . N”**

PUHUNANG' GANAP NA  
MANGAGAWANG GANAP NA

{ PILIPINO

Jolo 308, 310 at 312, Binundök, Maynila.

**VINO FERRO NUTRITIVO**

DE LOS

*Ldos. C. FERNANDEZ y L. ANTONIO*

Mabuti sa kakulan̄gan nang dugo, bagong pangānak.  
at nagbibigay gana sa pagkain

FARMACIA MODERNA, Malabon, Rizal.

Depósito—Manila.

Farmacia Barcelona.

**Sastrería Fraterna**

DE

*PATRICIO ARANDA Y HNOS.*

Se confecciona toda clase de trajes para caballeros  
á la última novedad.

PRECIOS SUMAMENTE BARATOS

*Jaboneros No. 111, San Nicolás*

# BANGON . . .

PÁHAYAGÁNG TAGAPAMATNUGOT ÑG "KALIPUNAN ÑG MGA KAPISANAN SA RIZAL"

ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSÁN ÑG BUWAN.

*Tagapamahala.* G. CELESTINO CHAVES.

*Punong-manunulat.* G. ISMAEL A. AMADO

*Tagapan̄gasiva.* G. JERÓNIMO DE LOS ANGELES.

I TAON.

PASIG, RIZAL, IKA 30 NG ABRIL NG 1909.

BILANG 6.

## MAGBITIW TAYO ÑG SALAPI

Sa bilang na sinusunda'y naipahayag na namin ang pangāgailangāng kuniños ang m̄ga pumō sa pagpapalusog ñg m̄ga pagkabuhay at kaya manang angkin ñg bayan-bayan, na anopa't ang gawaing ito'y kilanling mahigpit na katuskulang nararapat nilang ganapin bukod sa itinatadhana ñg m̄ga Utos.

Hindi lamang ang karaniwang pagwawalang bahala ñg m̄ga puno ang nagiging sanhi ñg pag-kakatiwangwáng ñg kabuhayan natin; mayroon pang ibang malalaking dahilan, gaya bagá ñg karahulan natin sa paglibitiw ñg puhunan, ang pagilas sa pagsasapisapi't ang pagkukulang tiwalà naman sa kinakasamá.

Isang táong may dalawa ó tatlong libong bisóng intímpók, kung siya'y may isang munting tindahan ñg sarisari ay payapang payapà na't walang ginugunitang parati kundi ang araw ñg bagbabayad ñg sa kanya'y m̄ga nagkakautang. Ang salaping natatago'y minamagaling pang manatili sa pagkábaon sa lupa, sakaling di mau pinatutubuan ñg kamalakmalák sa m̄ga dukhang nan̄agigipit, kay sa ilagay sa isang bagong pagkabuhay ó ipakisamá kayâ sa ibá upang mapuhunan sa lalong malaking munakalà. Halos kinakaharáp na ang isang pagkabuhay na dapat pakinabangāng mabuti ay di pa magkaloob na han̄guin sa kabán ang salapi't yao'y pamuhunan, paggugulan ñg nauukol na sipag at tiyagâ. Kaya't ang nangyayari'y ang m̄ga dayuhan, lalong lalo na ang m̄ga insik, ang siyang nan̄gakakapaghawak ñg m̄ga pagkakakitaang iyang pinalalampás ñg han̄gál nating pagpabaumanhín. Ito ang sanhi kung kayâ sa lalawigang Rizal ay di kakaunti ang m̄ga insik na may mabubuting kabuhayan, samantala ng madlā naman ang m̄ga tagaritong walang mangkain, nanggisisiráf sa hirap, hangan sa ang ilâ'y nangapilitan tuloy na gumawâ ñg matamâ upang may mangatpagtawid gutom.

Nangyayari rin naman na may isang mabuting panukalang kílakalin ó gagawin at ito'y nan̄gang-

ilan̄gan ñg isang puhunang malakíflakí; sa boong baya'y walang sino mang makakayang sumarili niyaon, dapwa't madla ang may kaukaunting inímpok na salaping kung mag-uukopukop ay sukat makapagban̄gon ñg kasukatáng halagang dooy' mapupuhunan; gayon man, ang nasabing panukala'y hindi mapapabunsód sa gawâ dahil sa pagtitimpí ñg m̄ga maysalaping iyan. Kunwa'y man̄agpupupulong pa upang itatag ang samahán, n̄gunit pagdating ñg pangíngilak ñg m̄ea "acción" ay wala isa mang magbitiw ñg kuwarta, at dinaraang lahat sa buñangā. Sa ganya'y éanóng ating mararating? anóng kailangāng makapagbalak man tayo ñg maíinam na bagay, kung lagi na lamang na mauuwí sa gaya ñg sinabi ni Rizal na *proyectos en proyecto?* Dahil sa katalamakán sa atin ñg halóng na kaasaláng ito'y ginagawang panandâ na tuloy ñg m̄ga taga ibang lupa sa pagkilala sa m̄ga taga Pilipinas. May isang magandang bálik na di nagtamóng tangkilik sa bayan, karakaraka'y nawiwikang: "iya'y panukalang pilipino." May nababalitang itinatatag na samahan ñg pagkabuhay, pulong ñg pulong, datappa't nakakaraan ang m̄ga araw, buan at taón ay hindi rin náppatayô hangan sa nakakalimutan na, pagkuwa'y nasasabing: "yao'y sapagká't samahang pilipino."

At ang lahat ñg iya'y, bakit? Dahilan sa pagkukulang tiwala sa m̄ga kinakasamá, dahilan sa kaayawang mapanḡasiwaan ñg ibang kamay ang kaniLang salapi, dahilan sa pag-aalaalang baka sila'y madayâ, bagamat madalás na ang ganitong m̄ga pangāmba'y walang munti mang matwid. Tunay at nagkakaroon ñg man̄gisang-síang táong walang puri, na di nan̄giningning sumíra ñg kuwartang sa kanila'y ipinagkakatiwâ; n̄gunit kaya naman naririyán ang m̄ga hukumang tumatangkilik sa m̄ga naaapí, at inuuusig at nagpaparusa sa m̄ga may masasamang budhî. Tangí sa rito, sa m̄ga samaha'y ang m̄ga kasapi ang siyang humihirang sa m̄ga tagapa-

n̄gasiwà, at sila'y hindi m̄ga n̄pakanawalang bait na pipili nḡ di mabuting m̄ga katiwalà. Na gumawa nḡ linsad ang sino man sa m̄ga ito? Huwag ang karamihang kasapi ang siyang tumiwalág, kundi ang palayasi'y ang walang kaluluwang sa kanila'y dumayá, nagnakaw ó may likong nais, at isakamay siya nḡ m̄ga maykapangyarihan. Wala n̄gáng dapat ipan̄ganibá ang sño mang may salapi sa pakikisapí ó pakikisamá sa ibang táo.

Kaunting kaganudahang loob lamang, pagmamahal sa bayang kipakitaan nḡ unang liwanag at pagsusumakit sa ikalulusog nḡ m̄ga kayamanan nḡ sariling lupa, ang siyang kinakailangan sa ikatutubos natin sa karálitaang ito. Pawiin ang m̄ga alindangan, tayo'y man̄agkátsá, at isaloob na lagi ang pagpapadakilà sa lupaing itong tunay na atin at dí sa kan̄inoman.

#### DATING PANIWALANG PILIPINO

### ANG PINAGMULAN NG SANDAIGDIG (1)

Noóng m̄ga umang panahón, ay walang lupa ni araw, ni buwań, ni m̄ga bitúin at ang mundo'y nabubuo nḡ pulos na tubig at lan̄ít lamang. Áng harì sa tubig ay ang Diyos Magwayan, at sa lan̄ít ay ang Diyos Kaptan.

Si Magwayan ay may anák na lalaki na ang n̄gala'y si Lidagat at si Kaptán ay may anák namáng babaeng ang tawag ay Lihan̄ín.

Si Magwayan at si Kaptán ay nagkaisang ipakasál ang kanikanilang m̄ga anák, bilang tandá na ang dagat ay nakipag-ibigan sa han̄gin.

At ipinakasal n̄gá.

Ang dalawáng itó si Lidagat at si Lihan̄ín ay nagka-anak nḡ tatlong babaee at isáng lalaki. Ang m̄ga' babaey pinan̄ganlang Likalibutan, Liadlaw at Libulan at ang lalaki'y tinawag na Lisuga.

Si Likalibutan ay may mabuting pan̄gan̄gatawan, malakas at matapang; si Liadlaw ay katawáng pulós na ginto at lagi siyang maligaya; si Libulan ay pulos na tansó, may kahinaán, n̄guni't mahinhin; at ang magandang si Lisuga ay pulós na pilák ang katawan at matamis at marangál na ugali.

Ang labát nang magkakapatid na ito'y inibig at minabal na mabuti nḡ kanilang m̄ga magulang.

Makaraan ang iláng panahó'y namatay si Lihan̄ín, at ang kapangyarihan sa han̄gin ay iniwa't ipinamana sa anák na pan̄ganay: kay Likalibutan.

Ang kanyáng mahál na asawañg si Lidagat ay nagpatuloy sa dating pagkabuhay, ang m̄ga anak ay nagsilaki, at sa wakas ay nawalay na tuloy sa piling nḡ amá.

Nakaraan ang iláng panahón, at dahil sa ginagawâng pagsisikap ni Likalibutan, ay lumaki ang kapangyarihan niyá.

Sa pagmanasa marahil na mapaiabayong lalo ang kapangyarihang ito, ay tumanong isang araw sa sumusunod na kapatid, kay Liadlaw, na

kung mangyayari na sila'y magsamang lumusob kay Kaptán sa lan̄ít. Nang una'y tumangi si Liadlaw, sapagka't naisip na dí dapat gayunin ang nundó nila; n̄guni't si Likalibutan ay nagalit sa kanyá, dahil sa pagkatanggi niyáng itó, at sapagka't ayaw siyáng makikitang naga galit sa kanyá si Likalibutan, ay napabinuhod din. Pinaroonan pagkatapus si Libulan, na sunnang-ayon sa paglusob.

At sinimulan na n̄gá nilang tatlo ang pagloob sa Lan̄ít. Datapwa't sa pinto pa lamang ay dí na nakapangyari ang kanikung lakás, dí nilá mabuksan ang matibay na pinit nḡ pinto.

Ang ginawa ni Likalibutan, nang hindí silá makapaglumpí'y pinahihip na nang boong lakas ang han̄gin sa labat nḡ sulok, samantala ang mga kapatid naman niyá'y siyáng nag-dudumpí sa pinto, datapwa't dí rin nilá masupil dahil sa pakikilaban nḡ Diyos Kaptan, na noo'y gagalit na. At nang makita nḡ tatlong mahigpit nang totoó ang paglalaban at sila'y na sa pangānib, ang ginawa'y nangagsitakas; n̄guni't si Kaptan sa kagalitan, dahil sa pagkasira nḡ kanyang pinto ay hinagis nḡ tatlong lintik sina Likalibutan, Liadlaw at Libulan.

Ang una'y tumama sa katawang tanso ni Libulan kaya itó'y naging parang isáng bola; ang pangālawá'y sa katawáng ginto ni Liadlaw tumama at ito'y naging parang bola ring gaya nḡ una, at ang pangatlo'y kay Likalibutan tumama at ang katawan namán nito'y nagkadurog-durog, at nahulog sa dagat. At ang boong laki nḡ katawan nitó'y siyáng lumibutod sa ibabaw nḡ dagat, at siyá nating tinatawag n̄gayóng lupa. Si Lisuga dahil sa pagkawala at dahil sa di maalamán kung saan naroon ang kanyáng m̄ga kapatid ay lumakad na't hinanap sila. Napatuño sa dakong lan̄ít, datapwa't pagkakita ni Kaptan, dala nḡ kagalita'y hinagis din nḡ lintik si Lisuga, at ang katawang pilak nito'y nadurog din nḡ sanglibong piraso.

Pagkatapos ay nanaoq si Kaptán mulâ sa lan̄ít at hinati ang dagat, at inanyahan si Magwayan na sumama sa kanyá. Napagbintangán pa itó ni Kaptan na kaalam sa paglusob sa lan̄ít nḡ tatlong magkakapatid. Sinabi ni Magwayang siya'y walang nalalamán tungkól sa isinusumbat niyá pagka't siya'y kasalukuyang natutulog nḡ yao'y mangyari.

Makailang araw'y napawi ang galit ni Kaptan.

At isáng araw itó at si Magwayan ay napaiyak at nangalulunkot, dahil sa pagkawala nḡ m̄ga apó nilá, at lalong lalò na sa pagkawala ni Lisuga; at gayon man kakaki ang kanyáng kanpangyarihan ay dí na mangyaring mapabalik ang dating buhay nḡ m̄ga magkakapatid.

Dí naglaon at binigyan niyá nḡ maniningning na liwanag ang dalawáng naging parang bola, upáng may maitanglaw habang panahón.

At iyán na n̄gá ang pagkakaroón nḡ tina tagaw natin n̄gayóng *araw* at *buwan*; ang araw ay ang gintong si Liadlaw at ang buwan ay ang tansong si Libulan; at ang dalawáng itó ay tumatanglaw at nagbibigay nḡ liwanag sa

nagkasanglibong pirasong katawang pilak ni Lisuga. At ang suwail na si Likalibutan ay tagang inibig ng Diyos Kaptang huwag maa-butang ng liwanag, nguni't itinaan namán talagá upang siyáng gawing lahi-lahi ng tao.

Binigyan ni Kaptan si Magwayan ng isáng binhi ug maitanim sa sumabog na katawan ni Likalibutan.

Ang binbing itinanim ay lumaki't lumago at sa isáng guwang ng isá sa mágā sangá nitó ay siníputan ng dalawáng tao, isáng lalaki at isáng babae. Ang lalaki'y pinaniganlang si Sikalak at ang babae ay timawag na si Sikabay. Sa dalawáng itó na nagmulá ang boóng angkan ng sangkatauhan.

Ang unang naging anak ni Sikalak at ni Sikabay ay babae at pinaniganlang Libo: sumunod ay isang lalaki at timawag na Saman at Pandaguan ang pinakbunsong anak nila; ito'y babae at babae pa rin ang naging isáng anak nitó na ang n̄gala'y si Arión. Si Pandaguan ang siyang pinakamarunong at itó ang nakaisip na gumawa ng isáng panghuli ng isda.

Ang kaunaunahan niyáng nabuli ay isáng malaking pating at namangha siya ng dalhin na sa kati, sapagka't nakita niyáng malaki ngā at totoóng mabalasik, kaya inakala ni Pandaguan yaó'y isáng Dios, at siyá at ang kanyáng ngā kasama, alinsunod sa utos noó'y nagsisambla't nagsidalanng sa naturang isda; nilibid niláng lahát, inawitan at sinambang parang isáng *Dios* ngā ang pating.

Nabuksan ang langit at ang dagat, at ang *Dios* Kaptan ay dumating at ipinag-utos kay Pandaguan ibagis sa dagat ang pating na iyón kaya nawala ang sinasamba nilá. Lahát ay na takot sa nangyari, liban na laang si Pandaguan.

Boóng tapang pang sumagót itó kay Kaptan na ang naturang patíng ay malakí at singlakí ng Diyós, at dahil dito'y may kapangyarihan sa bala niyáng ibigin at makagawa rin ng magagawa ng Diyós. Nang marinig ni Kaptan ang sagót na itó ay nagalit, hinampas ng líntik si Pandaguan, nguni't hindí sa nasang patayin, kundi sa kaibigang maipakilalang siyá'y namali: hindí yaón ang Diyós.

Datapwa't pinagkaisahan din nilá ni Magwayan, na bilang parusa sa ginawa'y paghi-wahiwalin sa boóng daigdig ang magkakasamang yaón ni Pandaguan, dinala ang ibá sa isáng bahagi ng lupá at ang ibá'y sa ibá namang lugal. Pagkaraan ng iláng panaho'y dumami na ang mágā ipinanganaganak at itó na ang pinagmulan ng Sangkatauhan.

Si Pandaguan ay hindí pa namamatay at bagkatapos ng tatlong pung araw na pamini-rahan dito sa lupa'y naubusan na ng lakás at ang boong katawa'y dahil sa pagkadarang sa init ng líntik na sa kanya'y ipinalo ay umitím at ang lahát ng naging angkan niya'y matím ding naniganilabas.

Ang unang anak niyá, si Arión ngā, ay napasa dakong hilaga at sapagka't nang ito'y ipaniganák ng kanyáng ináng si Pandaguan ay

nang hindí pa nakakagalitan itó ng Diyós Kaptan, ay dí na nagbago ang dating kulay at ang lahát ng naging lípi niyá ay lumabás na puti.

Si Libo at si Saman ay napasa dakong timog at sapagka't dito'y nadarang silá sa init ng araw kaya kayumanging lahát ang lumabas na kaniláng angkan.

Isáng anak na babae ni Saman at isáng anak na lalaki ni Sikalak ay napalagay sa kasilanganan, sa kasilanganang nang una'y salat na salat sa pagkain, at dahil dito'y ang naging anak nila at mágā kaapuapuan ay pawang mágā dilaw.

Iyan ang pinagmulan ng pagdami ng tao at pagkakaila ng lahi. Ang araw at ang buwa'y bagong nagliwanag sa langit at ang magagan-dang mágā bituin ay nagniningning namán kung gabí, mágā liwanag at ningning na tumatama sa ibabaw ng katawang naging lupá ni Lisuga at sa mapanaghilfíng si Sikalibutan na gina-wang tao.

Ang mágā anak ni Sikalak ay dumami na nang dumami: nangág-anák na nang nanág-anák kaya't kailangan ngayon lahat ay mabuhay at magsasamang parang magkakapatid, pagka't sa iisá tayo nagsmulá.

#### LAKÍNG-ILOG.

(1) Hinaño ko ang kasaysayang itó sa isáng aklat Ang pagkaparaon nang pasinu a nang Sandaigdig dito ay may malaking kaibhan sa nasa "Dating Pilipinas" P. ng S.

## Dalawang Hatol

### Sa mágā katulong

*Uoo:* Kun kayo ay may ibig ipakilathala, ang inyong padalá, ay dapat SULATIN NANG MALINIS.

Ang maruruming padalá ay nagbubunga ng mágā kapinsalaang sumusunod:

- a) Nakaáabálang lubhá sa sumusuri.
- b) Nakayayamot na basáhin.
- c) Nakalilito sa aming mágā cajista.

Ang dulo't lupit ay di nakakita tuloy ng liwanag ang inyong pakilathala ó kun lumabas may mabubektot muna sa pagkainip ang giliw na may kathá.

*Ikálawá:* Kun sakali't di nalalathala ang inyong padalá sa amin, ay NUWAG BA NAMANG SASAMA AGAD ANG INYONG LOOB. Makaaásá kayo na ang di paglabas, ay nasasalig sa alín man sa mágā sumusunod na dahil: ó kinulang ng pitak, ó kinulang ng utak, ó marumi ang sulat, ó di namin tinanggap.

**Peon Valenzuela Oliver**

NOTARIO PUBLICO

[Concepción] Malabon, Rizal, I. F.

# Pag-aalaga sa mga Sangol

(Karngtong)

Pagsisikapán din namang takbuhán nḡ han̄gín, malinis at tuyó ang n̄ga silóng nḡ m̄ga bahay, sapagka't palibhásay tumatangap nḡ singaw nḡ silóng ang dákong itaas na tinatalahanan nḡ tao, (dahil sa anyó nḡ m̄ga pagkakagawa nḡ m̄ga bahay sa Filipinas), kung ang m̄ga silóng na yao'y hindi taglay' ang m̄ga kalagayang simabi na, ay para rin n̄gáng tumitirá roon, at ang makukubhang sakít sa ganitong m̄ga tirahan ay lubhang kabambilhanbal.

Hindi dapat ilagay ang bata sa pagtulog sa lugar na tinatakbuhan ó dinaraanan nḡ han̄gín; kinakailangáng humanap nḡ isang lugar sa kinatatahanang bahay na wala sa tapat nḡ binthaná ó nḡ pinto, n̄guni't maaliwalas at mások-labás ang han̄gín, datapwa't hindi mabilis, at huag pababayaang hindi may kasukatáng takíp ang bata samantalang natutulog.

Kinakailangán nḡ bata, sa m̄ga unang panahon nḡ kanyang pagkatao, ang lalong malaking katahimikan, ang pagtúlog niya'y lalong matagál, at dapat pagpitaganan ang pagpapahingálay na itó, na ano pa't mapatlangán lamang sa pangangailangáng pag-gísing at nḡ makakain, at sa pagdaramdam nḡ paglúmí ó nḡ pag-ihí; kung makakain na at malinis na uli ang tiyán ay naminimbalik na muli sa pagtulog, na ang itinatagal nito'y unti-unting nababawasan samantalang gumugulang, hangang sa mauwí mula sa labingwaló hanggang sa dalampung oras sa unang buwan, hangang sa labindalawang oras na lamang pagka may galang nḡ dalawáng taón.

Sa m̄ga unang buwa'y dapat papamatilihing pahigá ang batà, nágigisíng ó natutulog man.

Ang wala sa panahóng pagtatayó at pagpatindig sa bata sa isang matigas na tuntungan, na gaya nḡ madalás mangyari, upang masunduang lumakad agad, ay pinangagalingán nḡ pagkalinsad nḡ ting-ting nḡ likód, nḡ pagkasakáng at nḡ paghuylay nḡ balát nḡ tiyán, dahil sa bigat nḡ n̄ga lamán nito, na pinagbubuhutan nḡ di pagkatunaw sa pagkain.

Samantalang lumalaki ang bata'y kusang tumitindig, at hindi kinakailangáng baguhin ang talagáng gawa nḡ Naturaleza, na ibigin bagáng pagdaka'y mangyari sa hindi kapanahunán ang paglakad, sa pamamag-itán nḡ di ukol na pagpilit.

Sakali't inaalagaan ang bata sa lugar na hindi tinatakbuhan nḡ han̄gín, kinakailangán ang bata'y ilabás doon sa loob nḡ tatlo ó apat na oras sa bawa't maghapon, datapwa't pakatandaang hindi dapat gawín ang paglalabás na itó pagka naikalubog na ang araw, ó kung tanghaling tapat kung tag-init, at doon dadalhin sa m̄ga lugar na tuyo át nahabangínan.

Minamasama rin naman namin ang kaugaling uguyín nḡ malakás ang duyan kailan man at umiiyak ang bata.

Dapat na pagsiyasatin ang kadahilanán n̄

pagiyak, sapagka't hindi umiiyak ang bata nḡ walang kadahilanán; kung minsá'y dahil sa nagugutom, ó nakapagbibigay ligamgam ang ano mang bigkís na sa kaniya'y inilagay, ó ang alfiler na masama ang pagkatúsok, ó kaya'y dahil sa siya'y may dumí ó basa nḡ ilí, ó kung dili kaya'y dahil sa kinakabagan sa masamang pagkatunaw nḡ sinuso, bagay na lubhang madalás na mangyari, na siyang sa kanila'y nakapagpapaiyak at nakapagpapasi-gaw, at ang ginagawa naman nḡ m̄ga iná at m̄ga sisiwa, upang sila'y tumahan ay inuugoy nḡ malakás sa duyan.

Minamasama n̄ga naming lubha ang gamitong m̄ga kagagawan, sapagka't sumasapiniganib sa m̄ga pagkakaramdam nḡ timatawag na "nervios," at aming inibahatol na usisain ang kadahilanán nḡ gayong pagiyak; sakali't marumí ay liniisin, at kung kinakabagan ay pagsikapang alisin ang kabag na itó, sa pamamag-itán nḡ isang maliit na lavativa, ó pahirang marahan ang tián nḡ langís nḡ manzanilla, ó painumin kaya nḡ isang eucharang maliit nḡ nilágang anís.

Ang paghilot sa balát nḡ tiyán, gaya nḡ karaniwang ginagawa, ay ipinagbabawal naming mahigpit; sakali't gagawin ay kinakailangáng malaman ang bakit at kung anong kadahilanán; hindi sukat ang ihatol nḡ isang taong sinoman; kinakailangáng mapagtanto ang tinutukoy at inaakalang kamtan sa isang kagagawang mangyaring magbungá nḡ m̄ga kagilagilalás sa m̄ga taníg bagay, at magkaroon naman sa m̄ga ibá nḡ m̄ga kapahamakang malaki; sa isang salita'y kinakailangáng matukoy na tunay na ika-gagaling upang gamitin.

Huweg gagamitin kailan man, sapagka't malaking katampasanán at nakasasama ang kaugalíang pagpaso sa pamamag-itán nḡ baong tinulisan at pinapagbaga ang dulo, na dito'y lubhang madalás gawín, upang payapain ang m̄ga pagsuba at pangíngítim nḡ balít.

Huwag din namang gagawín ang kaugalingang pagpapakagát sa linta sa bata, pagka ito'y nagkakasakít nḡ mabigat na lagnat at sinusubaan, kung walán rin lamang tukoy na utos ang médoce.

Ang madalíng pagsipot nḡ n̄gipin sa bata ay tandáng mabuti ang kaniyáng lagay nḡ katawan; at ang malaong pagsibol naman nḡ n̄gipin ay tanda na ang bata'y may sakít sa katawán, ó kung dili ma'y hindi magaling ang pagkatunaw sa tiyán nḡ sinuso.

Ang alín mang pagkalaon nḡ pagsibol nḡ m̄ga unang n̄gipin, at gayon din ang pagkalaon nḡ m̄ga magsisimod, ay dapat maka-balisa sa m̄ga magulang nḡ bata, at makanakay sa kanila sa pagtatanong sa médoce.

(Ruthology).

# M̄ga Talà sa Rizal

**Felisa Asunción.**

Esta *Talà*, de hermosura genuinamente oriental, que hoy presentamos á nuestros queridos lectores, brilla en el pintoresco barrio de Wawà (Pasig).

Émula de Véspero, resplandece constantemente con parpadeante luz, de día y noche.

Ella tiene todos los encantos de la Venus de Médicis y de la griega Lais. Y tal es su singular belleza, que casi me atravería á asegurar que nuestra nítida *Talà*, es el resumen de las perfecciones que encierran las sublimes obras de los insignes maestros del Arte Plástica: Scopas, Fidias, Praxíteles, Policleto y Lisipo.

Aficionada al Arte de Santa Cecilia y refractaria á pasar el tiempo en los brazos de la Pereza, en sus ratos de ocio reproduce en el piano con marcado sentimiento las melodiosas sinfonías de Beethoven y Mozart, haciendo vibrar en gratas sensaciones las fibras más delicadas de los corazones de los oyentes.

Confieso que en una noche de bohemia, sentí dentro de mí un paroxismo erótico, mientras ella ejecutaba una selección del inspirado Verdi, tan dulcemente, tan tristemente..., que mi alma se sintió transportada sobre las alas del amor á las regiones del ensueño.

Sus labios róseos y entreabiertos como las amapolas que abren sus pétalos al beso prístino del despuntar del día, tienen el atractivo de nuestras albas y aromáticas sampaguitas; sus ojos lánguidos impregnados de ternura, reflejan el risueño rostro del Sol al abandonar su lecho que se mece en los espacios infinitos; el cromático rosicler de sus mejillas descubre su peculiar jovialidad; su sonrisa voluptuosa y embriagadora, habla de mil flores y poesía; en fin, retrátanse en el conjunto las gracias de Eufrosina, Talia y Aglae.

Rindió culto á la diosa Minerva esparciendo con ardiente interés maternal fulgidos destellos de ciencia, para iluminar las negruras en que estuvieran sumergidas muchas mentes filipinas. Mas ella comprendió que el Destino le llamaba á una misión más elevada: las sacerdotisas del magisterio deben adquirir un caudal de conocimientos para transmitirlos por medio de la enseñanza á sus discípulos. Así que dejó hasta con gusto su plaza de Teacher, para ingresar en la "Philippine Normal School," prosiguiendo sus estudios. En este centro docente, donde cada año se promueven muchas maestras insulares, tenemos á nuestra *Talà*.

Habla el castellano y el inglés como su propio lenguaje el de Lakandula.

Su modestia es superior á toda ponderación. No pocas veces vá por las calles con su típico *salakot* en la cabeza, luciendo el perfil divino de nuestras tímidas *dalagas* cuando cantan el *kundiman* acompañadas por los ritmicos arpegios de un arpa eólica.

El bosquejo es imperfecto é incompleto. Y esta cuartilla desagradaría indudablemente á la Srta. Felisa Asunción por su extremada modestia.

Pero si la pagana antigüedad deificó la belleza como los griegos quemaron inciensos en su honor, yo, humilde admirador de lo bello, te saludo ioh Feling! porque tú eres la belleza misma.

THE HUMBLEST.

## DE EDUCACION

Grande, pomposa ha sido la fiesta escolar que con motivo de la clausura de las clases se ha celebrado en Marikina el 3 de los corrientes, por los maestros de los cinco municipios de Antipolo, Taytay, Marikina, San Mateo y Montalban, bajo la dirección del Supervisor Mr. James O'Hara.

Desde la mañana del referido día, todos los trenes que llegaban á Marikina iban repletos de viajeros de diferentes partes, ávidos de tomar parte en los actos que iban á verificarse en la gallera primera, en los espaciosos salo-

nes de la casa-escuela más tarde y en la plaza pública después. A eso de las nueve de la mañana, el Superintendente Wm. F. Montavon, desempeñando el cargo de toasmaster, anunció el principio del concurso escolar. Por cada materia presentábanse diez competidores, dos de cada uno de los cinco municipios arriba informados. Los siguientes alumnos son los que triunfaron en aquella contienda:

Deletreo para 3er. Grado: Primer premio, Concepción Pagkatipunan, de Taytay; Segundo premio, José Martinez, de San Mateo.

Deletreo para 4.<sup>o</sup> Grado: Primer premio, Felisa Bautista, de Montalban; Segundo premio, Elena Calal, de Id.

Aritmética: Primer premio, José Bautista, de Montalban; Segundo premio, Patricio Salamat, de San Mateo.

Hubo después himnos escolares cantados por los alumnos de la Escuela Provincial bajo la dirección de Mr. Joseph F. Muench. Acto seguido, el Gobernador Provincial Sr. Tupas disertó sobre la importancia del saber.

Eran las doce y media cuando se terminó el acto, y todos los invitados pasaron á la casa-escuela de la propiedad del simpático Juez de Paz Sr. Felino Guevara. En uno de los departamentos de aquel edificio vimos expuestos varios trabajos manuales presentados por los alumnos de las escuelas del distrito. Los invitados fueron más tarde obsequiados con un suculento lunch. Apenas se acomodaban todos para dar oportunidad á que el aparato digestivo funcionara á rienda suelta, cuando la voz mágica y potente del Ex-Gobernador Flores resonó en el recinto presentando á los oradores. Ha llegado la hora de los discursos. Hablaron el Sr. Ponciano de la Paz, el Supervisor Mr. O'Hara, y los Sres. Silvestre Apacible, Augusto Villalon, Dr. Octavio Amado y Maximo Oliveros.

— A las tres de la tarde y en medio de un sol abrasador, el público presenció en la plaza los juegos olímpicos de los escolares para disputar el campeonato en aquel distrito, habiendo sido premiados los siguientes alumnos: Guillermo Gonzalez y Lope Antonio de San Mateo, Monico Guevarra, Quirino Guzman, Fausta Paz y Josefa Cruz de Mariquina, Manuel Cruz y Andrés Santos de Montalban.

Todos los premios ofrecidos fueron objetos de arte, libros de enseñanza y metálico donados por los Hon. Juan Simalong, Hon. Bartolomé Revilla, Hon. José Tupas, Sres. W. O. Kaminner, Wm. F. Montavon, Mrs. Wm. F. Montavon, Dr. Octavio Amado, Sr. Francisco Sanchez, Lucas Santiago, Eulogio Rodriguez, Ceferino Legaspi, Honesto Gonzaga, Severino Oliveros, Potenciano DyGuangeo, Joseph F. Muench, James O'Hara, y el "American Bazar".

— El 4 del presente mes se celebró también una velada escolar en la Escuela Central de Taytay, bajo la dirección de los activos maestros Sres. Enrique Gonzaga y Benito Ocampo.

Tomaron la palabra Sres. Padre Valentín Taganag, Cura Parroco de aquel pueblo, Mr. Joseph

F. Muench, Principal de la Escuela Provincial, Honesto Gonzaga, Presidente Municipal, Dr. Sebastian Reyes, Presidente de Sanidad, Benedicto Javier, Isaac Garefa, Maximo Oliveros, Honorio Musni y varios alumnos de la escuela, actuando de toasmaster el Sr. Adaueto Ocampo. Hubo coros escolares, y entre los cuales el que más agrado al público fué el coro en Tagalog denominado "Ang magulang at ang anak", que además de que la parte literaria envuelve en sí una idea bastante sugestiva, el ritmo musical es tipicamente oriental, por lo que el público con afromadores aplausos tuvo que pedir al autor Sr. Honesto Gonzaga, que fué calurosamente ovacionado.

— Se ha inaugurado en Taguig el "Literary and Debating Society" de los maestros y maestras del distrito escolar de este pueblo y de Pateros. Disertaron en el acto las Srtas. Cristeta Sulit y Agripina Natividad, y los Sres. Alejandro Santos, José Pagtakhan, Honorio Musni y William Montavon.

— Con motivo también del cierre de las clases organizóse una fiesta escolar en el pueblo de Angono bajo la dirección de la Maestra Insular Srt. Práxedes Hernandez y de las maestras municipales Srtas. Irene Hernandez y Ana Peñalejas. En la tarde del mencionado día hubo juegos olímpicos y concurso en las asignaturas de Aritmética y Lenguaje, adjudicando premios á los que resultaron triunfantes en las competencias. Por la noche, una velada literaria y la distribución de premios. Un comité compuesto por las Srtas. Elena Hernandez, Claudia Vocalan y Engracia Petisa desempeñó el cometido de entregar los premios á los agraciados. Hablaron en dicha velada el Sr. Superintendente y los Sres. Alfredo Zamora, Mauro Diaz y Apolonio Villaluz, siendo toasmaster el Sr. Honorio Musni.

**Dr. Sixto de los Angeles**  
CONSULTORIO Y CLÍNICA  
Quiotan, No. 101, Santa Cruz.  
Teléfono 907.

"**E A P E R U A**"

FABRICA DE BIZCOCHOS Y DULCES  
DE J. E. MONROY

Premiada en las Exposiciones de Hanoi de 1902 y S. Luis, E. U. A. de 1904.

PLAZA DE STA. CRUZ, 96-98, MANILA.

## Diwà ng Bayani

Handog sa "Kalipunan ng mga Kapisanan sa Rizal."

Sa gitná ng lagim ng pagpapatayán  
Ang mga bayani'y walang agam-agam,  
i Maapi! i Madustá! ay di kailangá't  
Sa kanila yao'y dakilang tagumpay  
Pagka't ang magbubô ng dugô sa parang  
Ng digná, ay salesing nagpapakilálang:  
i Sila'y may bayan ná, at lahing maalam.  
Pumatid sa talí ng Kaalipinán!  
  
Diwà ng bayani ibá kung umibig,  
Di mo mahalatá kung lí sa paníñib,  
Sa kanila'y walang sasambiting lanít,  
Ligaya't luwalhatí, sumpá, halik, titig,  
Ng bayang inirog, kung hindí ang dibdib  
Muna nila'y masdáng sa sinsin ng tinik  
Ng mga sakuna't balá ng ligalig  
Ay hindi marunong sumuko't madaig.  
Lakas din at sigla binígit man sa libing!  
Naghiihingáló na'y naníngítí pa rin  
Binubuhawi mán ay dí pinapansin  
At mistulang walang takot salagimsín  
Lugmok na't handusay sa dagok ng talím  
Ng mga kalaba'y pag-asa't tapang din  
Ang kilik ng diwà... sa alab ng mithing  
Araw ay sumikat sa gabíng malalim.  
Ang tibok ng puso't dugóng nanunulay  
Sa ugá't na lalong kaliitíttan,  
Kilos, anyô, haká, kurò at palagay  
Nila'y pawang tandá sa lahi at bayan  
Ng laya't pamalig, twa't katubusan  
Sa mga busabos ng kaalipinan,  
At isang babala ng pananagumpay  
Maging ng sa ngayon at kinabukasan.  
Sa diwang bayani pangárap ang luhá  
Dusa't kamataya'y isang malikmatá,  
Ang saklap ay tamis, ang hirap ay twá,  
At wari'y libanéan lamang ang sakuna't  
Dinadaluoyéng may di pa magambalá....  
Táas din ang noó't ang bisig ay handang  
Magtangol, humawi sa kawan ng samá  
Na ibig maghari sa linakhang lupá.  
Ang pusong bayani ay walang killabot,  
Diwà'y walang gulat, budhí'y walang takot,  
Lusungín ma'y bangí't akyátin ma'y bundok  
Ó kahit lakbayin ang boong sinukob,  
Ay isa't buo rin at dí madudurog  
Ang banal na nasang sa baya'y ihandog  
Ang wagas na suo't dakilang pag-irog  
Na di magnamaliw, dugò ma'y masabog!.  
Pawang kulay gintó ang mga pangárap  
Ng pusong bayani't budhing walang sindak,  
Sa kanila'y walang mga asal Hudas  
Mga isip Kain mga mapagpangap  
Na ibig kilanding hari at mataas.  
Ang kabayaníha'y iisa ang hanágad  
Na ikamatay ma'y piliting sumikat  
Ang araw na kamóng sa itim ng ulap.

Nang kung mamatay na't bangkay ay málibing  
Sa bayang walá nang busabos, alipin,  
Ay mapatumayang silá yaong binhing  
Hindí malalantá, ní dí malalaing  
At laging sariwá, na doo'y palaging  
Tatangap ng ngítí't sikat na magiliw  
Nang araw at buan, talá at bituin  
Na di na may lubá, may luksa't kulinlim.

TALIBUGSO.

## Mapaghinala...!

(Ikaw at ako lamang.)

Ikaw, magandang Taga-Lanít, kaibigan minamahal, ¿bakit nagkakaganyán ka? ano't sílang-sala na sa iyong loob ang kahi't sandali'y matung-hán ko ang napagandang bulaklak ng iwi mong halamanan? Nakasusunog bagá ang aking tingín?

Nag-aalaala kang baká maunsiyamí ang pinakamamahal mong halaman; naghihinála kang baka ko sinasangháhán at ikinukubli sa iyo ang aking pagklaraya...

Na ako'y nagkasala? Hanggang saan daw ang aking pagkakaila!

Ah, Taga-Lanít! Wala akong masabi ni má-gunitang pagkukulang sa iyo. Hangang ngayo'y wala akong maturang nádámná ko kahi't isang talulot ng marikit mong sampaga. Hangang ngayo'y wala akong naiingatan sa budhí liban na sa pagkalugod sa magandang nag-aalaga't nagmamay-ari.

Nagdaramdam ka pa? Pinaghiihanaktán mo pa akó? Diyata?.

Úmid ako, mahál kong Taga-Lanít, pagka't dí ko maalamang ang sanhí. Manalig ka, kaibigan ko; siya'y... (ibubulóng ko na lamang)... iyong iyó, hwag kang mabalisa. Pabit ang iyong luhá't ikaw'y magpakaayos.

Ngayon, ¿mátiitiwasíy ka na kayá?

Napapanígarap mong aco'y nakasasagwil?

Ha! ha! ha! Hindí't walang katapusang hindí, aking Taga-Lanít. Hindí ko siya maaring mahalin pagka't natatalós kong sa iyo nalalagak ang mataintim at wagas niyang mga sumpa sa pag-ibig, at di man gayon, ay alam mo nang siya'y kaibigan ko lamang. Hindí gaya ng iyong binalá.....

Masama pa rin ang iyong loob?

Ako'y magpapaalam na, Taga-Lanít.

Ayaw pa rin naman siyang umalis akó.

Ayaw ka palá'y ¿bakit ka ganiyán?... ¿Maghihinála ka pa ba?

Oo, pa?

Kung oo pa rín ay diyan ka na. Paalam at hanggang sa mulf.

TAGA-ULAP.

IMPRENTA, LIBRERIA, PAPELERIA,  
Fabricación de timbres de goma y de metal,

**LORENZO CRIBE**

Calle Crespo, No. 101. Quiapo, Manila, I. E.

## MODERNISMO BOYS FILIPINOS

No; no son las "girls" filipinas las únicas que "se fascinan y se dejan arrastrar fácilmente de lo nuevo y de lo exótico", ni son las que solas "pretenden borrar lo filipino para imponer la costumbre nueva, resultante de la imposible amalgama entre lo filipino y lo americano". También se encamina por esa ruta la legión más numerosa aun y más censurable todavía, de jóvenes modernistas para quienes todo lo nuevo es indiscutiblemente elegante.

¿Quién no ha visto á esos jóvenes que con pretesiones de petímetros se visten con americana que cubre la rodilla, con pantalón que adrede tiene de más media vara de tela debajo de los talones para hacer de ella diez dobleces, y con cuello-corbata de piqué, estilo *collar-canescos*, sujetado por un altífero con brillantes Bera; se calzan con zapatos de charol en forma de hoz, y se cubren con sombrero de fieltro color de café ó de ceniza de estrecha ala, levantada detrás é inclinada hacia delante, y de copa forma *mag-aapá?*

Pues, esos jóvenes son los principales de la elegancia. Si no lo son, al menos así ellos creen ser, lo cual basta para satisfacerles la vanidad. Esta indumentaria, aunque os parezca cursi, es la moda; porque es hoy lo nuevo, y como secuela necesaria, es lo elegante.

Estos son los *adelantados* que, *antropológicamente* considerados, pertenecen á la especie del nuevo vocablo "boys" filipinos, ó sea á esa juventud sensible de lo raro y de lo extravagante.

¿De lo extravagante? Si; para mí, no cabe duda que lo es la locura en todo de imponer todo lo nuevo, y de la cual no se sustraen los modales. Y por eso lo brusco, lo grosero, lo violento, lo grotesco, son característicos en estos séres, porque es ya muy antiguo y ha pasado la época de lo fino, de lo esmerado, de lo comedido.

Júzguenlo por mí esos tipos que veís todos los días, que en el andar tienen dobrado el antebrazo izquierdo, sujetando los dedos índice y medio un tabaco y cuya mano derecha tiene metida en el bolsillo del pantalón, como si se resguardára del frío de California. Fíjense en sus pasos: son lentos y bien marcados por el compás de la cabeza, del cuerpo y de la punta trasera de la americana que sirve de pankás muy útil en esta época de calorres... Y já cuantos de estos tipos he visto que para parecer con más majestuosidad de lo que darles pudiera su corta estatura, procuran en el andar marcar unos pasos que medidos con conciencia, acusarían una longitud superior á la de su *pequeña humanidad!*..

¡Y, no obstante, el apasionamiento de buscar y de practicar lo nuevo, lo raro, lo *original*, sanciona todo esto con insensatez ridícula como moda elegante y como modales inmejorables!

Estos jóvenes á quienes se ha dado por llamar en manía "jóvenes que constituyen la esperanza de la patria de Rizal", cuando en realidad son la esperanza de lo ridículo; cuando son los apóstoles de lo fatuo, y futuros padres de lo cursi, y dignos ascendientes de las generaciones esclavas soñadas por Taft; estos jóvenes, repito, para llamar la atención, y por el afán de ser motejados como americanos, prescindense inclusive de la más rudimentaria decencia, y con estupidez rara en medio de la calle, quítanse la americana, colócanla sobre el antebrazo, y así con camisa solo, y por un necio

desco de exhibirse, atrévense á acompañar á la *dalgaz*, dandola sombra con el quitasol.

—¡Que ventajas nos proporciona la costumbre americana, desprovista de formas incómodas! —decíame uno de los que hacían de la calle un cuarto dormitorio. ¡En este país tropical—añadió—no puede uno resistir al calor! ..

Y, sin embargo, que inconcepción! —á aquel "boy" siempre le he visto con traje de lana patrero al sobretodo... .

Es que estos modernistas han sido y siempre serán inconsecuentes. Esfuerzarse en ser sajones, y nada tienen de la constancia, laboriosidad, audacia, valor cívico, independencia de criterio, dignidad, patriotismo, espíritu protecciónista yankee. Nada tienen del sentido de lo útil sajón, y en cambio tienen mucho de fatuosidad vanidosa: enorgulléscense del vicio de beber cerveza ó whisky en los bares, de fumar tabaco americano en pipa sajona, de cantar cual ebrios soldados en inglés por las calles y de hacerse cortar el cabello á lo mestizo Sákay.. En una palabra, sólo tienen de sajón sus defectos y vicios.

Estos son los tipos de los jóvenes modernos de quienes Rizal, amante de su país y de lo que es en él peculiar, no soñó jamás confiar la esperanza de su patria; son los "boys" filipinos que se prestan para el holocausto en honor á las ideas humanitarias del astuto Taft; son los americofilipinos, encarnación de los defectos filipinos y americanos; y sin embargo, que horror! —son los llamados futuros ciudadanos filipinos á despecho de los Rizal, del Pilar, Mabini, Luna y otros dignísimos *gats*, hijos modelos de los Lacandolas y Soijmanes.

Ay de la imitación desmedida é insensata que arrastra á la juventud actual al vicio! ¿Eres acaso el precursor de la anulación de la raza y de todo lo que en ella es peculiar y característico?

¡Triste es pensarlo!

FAUNO.

## PILANTIKIN DAW!

### SENSELLAMENTE

May mágá higung ako  
 Na, daw, sa San Matayo  
 Ay may isang... iay ke bo...!  
 Isá bang *punctionariong*  
 Nagtapát sa Konseho  
 Na siya'y... iay ke ton...!  
 Di makapanğungulo  
 Pagka't ang kanyang olo'y  
*Incapaz* daw sa cargo!  
 Hwa pea! Hwa pea! Hwá!  
 ¡Baya una *prankesita*!  
 ¡Baya un conpesión! ¡baya!  
 Pero baki naman?  
 Ito'y naisipan  
 Ng ginoong mahal?  
*Sensellamente:*  
*Porke es ipederal!*...  
*Baya, parese mentral!*  
*Y is un diananti! ibera?*

- \* -

Isang hapon ay sa susúgod sa ákin ang katoto kong si Blé.  
 —Hoy! —ang pagdaka'y inahiyaw malayo pa.

—Hoy! —ang tugon ko naman.  
 —Wala ka bang balitâ sa Nabutas?  
 —Wala ah! Bakit ano ba?  
 —Hus! kay laking kadamuyuhan! —ani Blê na sinabayán n̄g limang kanot na sunôd-sunôd sa kanyang tuktok.  
 —O, at bakit?  
 —Ow, ay iyon bang *saragat*... samahan doon sa Nabutas.  
 —O, eh ano!  
 —Sukat bang ang n̄galan daw eh, “Samahan n̄g kadalagahang Nabutas!!”  
 —O, eh ano n̄gayon ang ipinagpuputók n̄g butsé mo?  
 —Aba iiring si Kekò pala!  
 —O, at bakit?  
 —Papaanong di magpuputók ang butse ko eh, sa akyo' talagang nan̄gun̄gupinyó sa n̄galang iyan... Diyata kaibigan at kadalagahang Nabutas?... Susmariosep, susmariosep, katotong Kekò, susmariosep!

At iniwan ako't sukat n̄g katoto kong Blê!



### KE ORROR!!...

Isa namang katoto ko rin ang sálalantik n̄g ganito:

—Keko!“  
 —Hep!  
 —Sabákan mo n̄gâ!  
 —Anóng sabákan?  
 —Lipahin mo!  
 —Hindi naman ako manglilipa eh.  
 —Kahi't na! Sumpayán mo!  
 —Sino?  
 —At sino pa kundi ang Gobernador sa inyo!  
 —Gobernador sa amin? Gobernador? eh! eh! eh!  
 —O, eh ano ikaw ba'y natatakot?  
 —Eh, eh, mamaya eh ipapupog ako sa kanyang m̄ga lásak eh!  
 —Si Keko palâ! Isip ko'y di ka duwag.  
 —At ano ba ang tingin mo sa ákin. At bakit mo pasasampayan sa akin ang aming Gobernador?  
 —Aba! ay sabihin mong mag-arál siya n̄g kaunting *decencia*! Sabihin mong iyang m̄ga salitung “*lin... ka!, p... ang ina mo!, p... ka!*” ay di nararapat lumabas sa bibig n̄g isang Gobernador, lubhâ na sa harap n̄g *publico* na binubuô pa namán *precisamente* n̄g m̄ga *decencia* Señoritas at Señores!.

*Ke Orror n̄ga namang niyang honorable Gobernador, Ke orror!! Hindi ako si*

KEKO!

## El Ideal Filipino

El pueblo filipino, como todos los pueblos, como todos los individuos, aspira á su bienestar y al disfrute de la mayor suma de felicidad

possible en la tierra. Esta aspiración general, sin embargo, no siempre reviste igual intensidad, sino que es gradual, al compás del tiempo y de las circunstancias, y á medida del progreso y de las fases varias de la civilización. La humanidad, en sus albores, se contentó con los beneficios de pequeñas agrupaciones y de la defensa mútua, que la ponían á salvo de los ataques de las fieras; y solo mucho más tarde, y paulatinamente, fueron elevándose sus anhelos á la altura de las prosperidades y bienandanzas del presente. En cuanto á los individuos, lo natural, lo corriente es que un pobre, por ejemplo, solo deseé alcanzar una posición más ó menos desahogada, que le ponga á cubierto de estrecheces, siendo también natural que, una vez alcanzada esa posición, se afane por irla mejorando, mejorando, hasta el mayor grado de opulencia posible.

Proceso idéntico rige en todos los órdenes del progreso humano. Por eso, el pueblo filipino, que al principio de la dominación española, pareció estar bien hallado con el carácter tutelar de la política colonial con que era gobernado, más adelante echaba de menos derechos iguales á los de la Metrópoli, y aspiraba á lo que entonces se llamaba *asimilación*; por eso hoy aspira á tener un gobierno propio, libre de todo poder extraño, y sin duda aspirará mañana á algún principal papel en el concierto internacional, sin que sea de ningún modo razonable deducir de ahí que no tiene fijeza en sus aspiraciones, ó que no es consecuente con sus propios anhelos, porque en el fondo, y al través de esos distintos modos de exteriorización, siempre ha deseado y deseará su bienestar y su dicha.

Así se explica que el Dr. Rizal, Marcelo H. del Pilar, esas dos grandes figuras de la Historia de Filipinas, que llegaron á ofrecerse en holocausto en aras de la Patria, deseando ardientemente su *redención final*, se hayan manifestado simplemente *asimilistas* en su labor política, plegándose á las circunstancias de su época, y en el empeño por que su pueblo, que *nada* entonces tenía, pudiera empezar *desde luego* por tener *algo*. No hay que clasificarlos por eso entre los actuales Progresistas, como se ha intentado alguna vez, ni tampoco sería justo que los actuales Nacionalistas quisieran apropiárselos como de su bando. Esas líneas divisorias de los partidos políticos, que destacan hoy á la luz de las libertades alcanzadas, no se distingúan en la noche de nuestro pasado, entre las negruras de aquel horizonte. A aquellos titanes del filipinismo, si se les quisiera medir por el espíritu respectivo de los partidos ahora militantes, habría que calificarlos como ultraprogresistas y ultranacionalistas, porque ellos fueron los precursores, los maestros de unos y de otros, ellos han señalado á su pueblo el camino de su salvación, y murieron abrazados á la cruz del sacrificio.

EL ERMITAÑO DEL PASIG.

## Ang Katúbusan ñg Babáe.

*Kay Sinag Bituin.*

**Mahal na kaibigan:**

Ang paglaganap ngayon ng māga bagong kāisipáng náhihingil sa katúbusan ng babáe sa dakong ito ng kasilanganan, ang pagmamasid ng māga kilos, anyo't paguugaling lubhang ná-iibá't anila'y tungó sa himahanágad na pagkátaás ng babáe, ay tunay na pumupukaw sa aking isip ng dī maulatang māga pagkukurò tungkol sa malubhāng suliranang iyan.

Hindi akó ang makatututol na ang babáe'y huwag magkaroón ng māga karapatáng sa kanyá'y sukat makapagpadakilà, pagká't siya'y kabiyak ng sangkatauhan, katulongtulong ng lalaki sa pagpapasán ng māga hirap at sa pagtatamasa naman ng māga kaligayahan sa búhay na ito. Hindi hamak ang tungkuling ginaganap ng babáe sa ikasusulong ng sangsinukob, kaya't ako'y kabilang sa māga umaayong dapat luwagan siyá, na anopá't makapagsunakit sa lalong ikatátaás at ikatutubós sa kalagayang sa kanya'y pinaglagakan ngayon ng māga palagay ng táo't ng māga kautusán man naman.

Ikaw ay kilala kong isá sa māga nagnanais din ng gayón sa ating kababaihan, at di minsáng pinag-ukulan mo ng mahahalagang māga sandalí ang pagsuri sa paláisipang ito, kaya't umaasa akong di mo ikakait ang pagpapahayag at pagpaliwanag sa akin ng iyong māga kurò hingil sa māga bagay na dapat gawin ng babáe. *ukol sa kaniláng ikatutubós at ikatatanghál.*

Sumasayapak,  
LAKAN-TIIS.

**Kaibigang Lakan-Tiis:**

Hindi ko maalaman kung paano sisimulán ang sulat na ito. Manghāng-manghā akó sa iyong liham na kaharáp ko ngayon, upang tunguin, oo, pagká't nápakabigat ang iyong hilñg sa akin, nápakabigat ang tanóng mong hindi ko maalaman ang matapat na tugón, hindi ko mātuksás ang hinihinglì mong mātamó dini sa nápakahamak kong māga pagkukurò, dini sa isipang walang mápapalang anomán si *Lakan-Tiis*.

¿Hangád mong matalós ang māga kurò ko't pasiyá ukol sa māga bagay na dapat gawin ng māga babáe sa ikasusulong ng kasalukuyang kalagayan nilá?

¿Nais mo?

Aywán.....aywán ko nāga ang mabuting kawiran ukol dito; subali't sa ganang akin, ay dapat, ukol at bagay na kaming māga babáe, na ginagawang sangkáp na lamang sa pamamahay, ayon sa may matatandáng kaisipán, ay magaral ng māga karunungan-sukat makatulong sa paghabangád ng ikálalayà ng ating bayan, sapagká't kung walang karunungan, ay walang maligayang bunga tayong maaantáy. Hindi ba ganitó? Kung ang māga babáe ay sukat na lamang sa pagiging kagamítán sa bahay, at hindi mag-aaral ng pagtulong sa inyó, idí ang

munting bagay na inyong gágawin ay paggugulan ng mahabang panahón bago mákamít? Nātuní't kung kaming māga babáe ay mítuto ng bahagi ng māga gawaín ninyong māga lalaki, ay mādadali ang anomang bagay na gagawin.

Hindi ko ibig sabihin, na kami'y magpaka-talimo, at humawak ng māga tungkuling kagaya ninyó, hindí, at hindí ngā akó sang-ayong mag-gugol ng panahón sa isang bagay na hindí agad pakikinabangán, magural ng māga masasagwāng karunungan, umayók ng māga gawaing hindi angkáp sa aining kilos at pagtugallí, sa ugallí ng māga pilipinang labis na pinupuri pa naman ng ibang lahi...

Sa makatuwid, ay nananalig akong: ang māga babáe'y dapat mag-arál h̄ng māga bagay na magagamit sa loob ng bayan at māga kapisanan, magsumakit sa ikatututo ng māga karunungan sukat mágamit namin at maitutulong sa inyo, at kung ganitó nāga, ay hindí na tayo magkakahirap sa pagkakamít ng isang bagay na ating minimithí.

Nálalamān mo na ang māga pagkukurò ko hinggil sa bagay na ito, nálalamān mo na ring nais ko na kami'y mágamit din ng bayan sa ikapagiging malayá natung lahat.

Sa ibang araw ay iuúlat ko sa iyo ang māga bagay na pinagsasaligan ko tungkol sa pamamayan naming māga babáe.

Lingod mo,

SINAG-BITUIN.

Abril 6 1909.

## Por el Honor del Nacionalismo

(REMITIDO)

Sr. Director del BANGON,

Rizal, I. F.

Mi querido amigo y paisano:

Ya que V. se ha permitido publicar en su ilustrado periódico la CARTA ABIERTA de un tal L. GABRIEL desde Pililla, que, según me dicen, ya apareció en "El Renacimiento" el 30 de Marzo último, espero también merecer de su rectitud é imparcialidad la inserción de la adjunta réplica á dicho comunicado, sin más objeto que rendir culto á la justicia y á la santa equidad y para salvar en nuestra Provincia el honor del Nacionalismo.

Y por tan señalado favor, quédome de V. muy agradeecido

JUAN BALTAZAR.

San Pedro Makati, Rizal,

18 Abril, 1909.

### A PROPOSITO DE UNA CARTA ABIERTA

Por no ser amigo de personalismos, voy á prescindirme de cuanto se refiera á la personalidad de un tal L. Gabriel, que por medio de una carta abierta trata de atraer hábilmente nuestros votos á favor del Sr. Catalino Sevilla para gobernador de esta Provincia, dando, pa-

rece, á entender que él es de Pililla, ó por lo menos, hizo la carta desde Pililla. Tengo suficientes motivos para dudar de su autenticidad; pero por la razón que dejo expuesta, me limito á hacer constar tres datos sólamente, á saber: que en el Censo Electoral de dicho municipio no existe igual nombre ó algo parecido, ni creo que ha de haber en este año; que en toda la jurisdicción de Pililla no se conoce á un *sevillista* siquiera; y que sólo sé de un Sr. Leocadio Gabriel, que es compadre de D. Catalino Sevilla, natural de este municipio de San Pedro Macati, y actual cobrador del vapor "Comandante" que hace viajes por Laguna. Si será elector de algún precinto del Río Pasig y de la Laguna de Bay?... Con estos tres datos, suponer que la carta abierta de marras, haya sido solamente un ardil electoral combinado por algún candidato interesado, es más fácil que buscar con la linterna de Diógenes en todos los municipios del distrito Sur de Rizal, una persona que responda sin mentir al nombre de *L. Gabriel*. Además, cuando una candidatura á gobernador es únicamente conocida en una parte de la provincia, suele ser un medio hábil de propaganda valerse de la presentación y recomendación de algún vecino más ó menos imaginario desde el otro lado de la provincia donde es desconocido el candidato.

Y dado como entreparéntesis todo el párrafo anterior, voy á dedicar algunas líneas al Sr. *L. Gabriel*, aproposito de lo que persigue en su carta abierta.

Ante todo, deseo manifestar que estoy en un todo conforme con su lema: "Votar al que pueda gobernar mejor la provincia"; y declaro que coincido perfectamente con su opinión respecto á las cualidades generales que debe reunir un candidato á gobernador para que pueda ser digno de nuestros votos.

Pero entre sustentar ese lema y esa opinión, y creer que D. Catalino Sevilla sea el más llamado á gobernar hoy nuestra Provincia, existe un abismo muy peligroso.

La Provincia no presumo que se deshonraría con el gobierno del abogado Sr. Sevilla, pero tampoco creo que lo sería con el del periodista Sr. Lope K. Santos, por ejemplo, ó con el de cualesquiera otros nacionalistas comprovincianos, cuyos méritos son de todos reconocidos.

Cuando se trata de gobernar una provincia que, como la nuestra, reclama de un modo especial de su jefe ejecutivo la mayor popularidad, una probada energía de carácter, grandes iniciativas y una actividad y perseverancia sin límites, las cédulas académicas y los títulos de la edad no siempre son recomendaciones preferentes ó infalibles.

Ha hablado el Sr. *L. Gabriel* del hombre equilibrado. Habrá querido decir "equilibrista"; pues esta cualidad es la nota más saliente que *admira* en su candidato. Y si no, díganlo ciertos progresistas de Malabón y Navotas constituidos en leaders de dicha candidatura nacio-

nalista; y hable su mismo candidato que en varias ocasiones se ha permitido decir que su candidatura merece las simpatías y es recomendada eficazmente por el ex-juez Sumulong entre los correligionarios de éste. No sé si para el Sr. *L. Gabriel* acreditan á Don Catalino de Nacionalista íntegro, simpatías y recomendaciones de tal naturaleza; lo que sí entiendo es, que la debilidad de dicha candidatura y la poca fe que tiene el mismo Don Catalino de su propia popularidad, le obligan á hacer equilibrios entre los unos y los otros.

Concederé por un momento al Sr. *L. Gabriel* las consideraciones de residente, elector y persona de influencia en Pililla, como justo título con que puede suscribir autorizadamente dicha carta. En este concepto, creo hacer una obra de caridad al Sr. *L. Gabriel*, advirtiéndole que su carácter de residente en el distrito Sur de Rizal, debe imbuirle, por dignidad, á guardar indiferencia, por lo menos, ante la candidatura regionalista de Don Catalino. *Regionalista*, sí, y no otro calificativo merece la actitud observada por el mismo candidato en varias reuniones de Kalookan, Navotas y Malabón. Es táctica del Sr. Sevilla asegurarse de estos tres municipios del distrito Norte de Rizal, porque cree que de tenerlos juntos, se tiene lo suficiente para triunfar en medio de los otros candidatos. Para este objeto, emplea un medio de halagar á los tres citados municipios, proponiendo sea de Kalookan el Diputado por el Norte, sea de Navotas el Tercer vocal, y de Malabón, que es él, el Gobernador. El Diputado por el Sur nada le interesa.

Para Don Catalino, lo principal es ganar la elección; no importa que sea por medios *regionalistas*, ni que en todo el resto de la Provincia sea él un jefe completamente impopular. ¡A buena hora tendríamos un gobernador nacionalista de *tres pueblos*, después del gobierno calamitoso de los federales!...

Hay gustos, Sr. *L. Gabriel*, que realmente merecen palos.

Yo creo que haría V. una obra patriótica, si aconsejara á su candidato el retiro por ahora de su candidatura. Las elecciones del bienio pasado, han sido muy duras pruebas para el Nacionalismo en Rizal, y no debe haberlas olvidado Don Catalino Sevilla. El era en la Provincia lo que es ahora; y sin embargo, tuvo la desgracia de contar no más de un voto en la Convención oficial del Gran Partido, celebrada en Pasig en 1907. De aquello se desprende, que ni su mismo pueblo de Malabón quiso otorgarle sus votos.

Es defecto capital de su candidato el ser muy crédulo. Se hace necesario imponerle de que el *sí* de los leaders y de los electores, no son siempre votos ganados. Muchos hay que por evitar largas discusiones, ó por no decir *no*, tienen preparado para cada candidato un *sí*. No es acaso común decir entre nosotros aquello de: "*hindin pakaihigin, huwag lamang pakaihín*"?

¡Quién sabe si V., al firmar dicha carta, se hallaba en idéntica situación con el Sr. Sevilla!...

Yo creo que no hay mejor base para la apreciación de las probabilidades de triunfo de las candidaturas nacionalistas, que la estadística de las elecciones pasadas.

Si no me equivoco, tanto el Sr. Catalino Sevilla como los Sres. Mamerto Manalo, Octavio Amado y otros, son amigos muy íntimos del Sr. Lope K. Santos, y todos son de credo nacionalista. Yo pregunto ahora: ¿á qué vienen á disputar nuevamente á este señor la preferencia para el cargo de Gobernador, cuando semejantes disputas han llevado siempre al Nacionalismo á la bancarrota? Por qué no respetar el turno que reiteradamente ha establecido el pueblo elector de los candidatos nacionalistas durante las pasadas elecciones, ya que no todos pueden ser á la vez gobernadores de esta provincia? A qué ese empeño de acentuarse la campaña por cada candidato, cuando todos en vez de consumir sus esfuerzos en fines egoístas, pueden y deben sacrificarse en aras de la unidad, aunándose en favor del candidato que la elocuencia del resultado de las dos pasadas elecciones ha demostrado ser el más popular, el más fuerte y el más llamado á sustituir al gobierno estacionario de los federales?.....

Yo llamo la atención del Sr. *L. Gabriel* y de todos los buenos nacionalistas de la provincia, así como la del actual Centro Ejecutivo del Gran Partido, hacia el nuevo peligro de derrota que nos amenaza, en vista del fratricida empeño de algunos correligionarios nuestros. E invoco el patriotismo y la sensatez de los mismos candidatos, para que no se repita el triste espectáculo de nuestra derrota por una infundada e injustificable división.

Que los progresistas no tengan ya que obsequiarnos con banquetes como á sus mejores leaders y propagandistas.

¡Y que el Dios de las misericordias nos libre ya de tanto mal!

JUAN BALTAZAR.

## Ang unang pagpatay

(ALAALA KAY GAT ANDRES BONIFACIO)

Nálulugmók sa maráwal na pagkairíng ang lahí nina Sikatuna; sa kanyáng likód ay ná-papataw ang bigát nḡ isang kapangyarihang gánid, napapakò ang m̄ga kukó nḡ isang banyang masakím.

Ang pulóng Maligaya'y isang dulāan nḡ pag-kawakawak, nḡ kapaslangá't panglulupig, nḡ pag-apí nḡ táo sa kapwâ táo't pag-alipin nḡ bayan sa kapwâ bayan. Isang daíng, isang lúhog nḡ nasaibabâ sa m̄ga batúgang sumasa-itaas, ay nagkakabunña nḡ di masayod na pag-kaamis. Sa mataas na lukluka'y nálikimô ang matalas na sundáang nḡ kaharian, sa ibabâ'y náttatayâ ang m̄ga kulang palad na liíg, at sa gitna'y ang dí masupil na kapangyarihang pi-

napanğinoon nḡ lahát, na nagpapasiyá sa pag-duduóp nḡ dalawang náuuma.

Saáng di sa ibabaw nḡ gunitong lúsak, sa himpapawid nḡ isang mundong tigmák nḡ luhâ nḡ sangkatauhan, ay magaalimpuyó ang hangín nḡ panghihiganting kakilakilabot. Dí lagìng malamíg ang tubig, ni mapayapà ang karagatan, ni malakás ang balikat nḡ alipin; ang tubig ay kumukulô, ang dágat ay dumadaluyong at ang balikat ay nahahapô, at isa abâ kung magkágayon na!

Ang Malayo'y napukaw sa pagkakáhimbung. Sa matimýas na awit ni Natura na lubhâng mayama't nápakadacilâ sa magandang lupaíng yaón, ang diwâ nḡ lahi'y kinalong nḡ habág sa haráp nḡ kasakitsakit na pagkakutybâ. Sa pusô nḡ Malayo'y nagniñgas ang di maulatang poót, at sa kanyang nooy humihip ang unós nḡ panghihimagsik. iSúkat na ang bigít nḡ tanikalâ! súkat na ang di gagaanong pagtitiis! súkat na ang kapangyarihan nḡ mapang-alipin!...

\* \*

"Walâng Katúbusan, walâng Kalayâng nátamô nḡ hindî pinamuhunanan nḡ maraming dugô, dûsa't kamatayan... Mamatay sa digmâ ay kabayanihan kung sa pagtatangól nḡ m̄ga katuwiran nḡ sariling Lahi't nḡ linakhang Bayan".

Ganitó ang dalít na mulâ sa dako roón nḡ m̄ga dágat ay inihahatiid nḡ alingawñgaw sa kapuluán nḡ Maligaya. Parang palasông tumudlâ sa kaibutan nḡ kaluluwá nḡ isang anak-bayan ang m̄ga panğungusap na iyon, mahiwang pangğungusap na anaki'y nagbubô nḡ lakás sa tigagál niyang m̄ga bísig.

—Dumatang na ang dakilang sandalî nḡ pagtupad ko sa aking katungulan. Ang gúbat na ito'y makikinyig mámayâ sa aming sumpâan, manonood sa mahigpít naming m̄ga pagyayakap at mag-iingat nḡ m̄ga hulíng singaw nḡ aming pusô...

Ang nagsasalitâ nḡ gayo'y si Gat Ipoipo. Táong inianák sa banig nḡ karálitaan, ay buong nakalasáp nḡ m̄ga kapáitán nḡ búhay na apí sa ilalim nḡ kumpás nḡ walang awâng panğinoon. Inangkín ang sákit nḡ kanyang lahi, ang himutók nḡ kanyang bayan, at isang araw na ang mapangguling na langít ay nasasaputan nḡ m̄ga úlap, ay inihiyaw nḡ boong lakás na maidudulot nḡ matibay niyang pananalig, ang wikang: i i i Mabúhay ang Kalayâan!!!

Kumisláp ang m̄ga sandata, yumanig ang káparanğan, ang liwanag nḡ araw ay nagkulimlím. iYarì na ang Paghihimagsik!

Ang kamataya'y nangdahás na sa dalawang pangkát na nag-aaway. Dí naláo't si Ipoipo'y naligid nḡ bangkay nḡ kanyang m̄ga kábig. May m̄ga sandaling halos masusupil na ang labang ito sa Hilagâ; nguni't buháy ang pag-asa ni Ipoipo sa kagandahan nḡ layon, ay itinagyod ang kilusáng yaon hangang sa pagtatakipsílim, na siya't ang kanyang m̄ga kawal ay nanumbalik sa loob nḡ kagubatan.

\* \* \*  
Ang hiyaw na iyon sa Hilagâ'y naging hudyát

sa ibang poók ng pulô. Handâ man ó hindi ay kinakailangan ng kumilos na ang lahat. Yao'y mîga araw na ng pagbuhukóm.

Sa una pa lamang na alinggawngaw ng pung-lô'y nanagtitipon na ang mîga taga Timog. Dito'y malakí ang hukbóng naitatag sa ilalim ng pamamahala ni Tikling, na pinamagatáng LAKÁN ó kapunupungan ng lahat ng pangkát na nanghihimagsik. Sa kapangyarihan niya'y nararapat din ngang sumailalim si Gat Ipoipo, bagamán ito ang nanaghâs na magpáunang magwagaywây ng bandilang kulay dugdô. Si Ipoipo'y ipinasundô ni Lakán Tikling upang gawing kagawad ng kanyang pámahalaan.

—Náuukol na tayo'y magsamasama,—anáng mataas na punò,—bunuô ng iisang lakás na maihalharáp sa mîga kaaway at nang di tayo magahís. At sapagka't akó ang inihalál na Lakán ng tanang kaadhikâ natin, hinilingi kong ikaw'y kumilala't yumukód sa akin ng makáitló.

—Mahál na punò, ipagpatawad mo pong ipahayag ko ang aking malabis na pagkamanghâ. Diyata't naganap ang ganyang mîga salitaan ng di man lamang pinagsangunian ang mîga taga Hilagâ? Kay bilis namang magpasýá ng mîga taga dakong ito!

—Kinakailangan ng panahón. Makinyíg ki, Ipoipo: alang-alang sa iyong mîga ginawa'y init-halál katang isá sa mîga kagawad ng Mataas na Sanggunián...

—Marami pong salamat. Nguni't dinaramdam kong di matangap, ang alók mo pong karanigan, pagka't sáplitang mananatili ako sa aking poók upang tibayan ang talibâ sa ating mîga kaaway. Kung talikdán ko ang Hilagâ, walang pagsalang di mawawakâwak ang kapalaran ng di kakaunting kapatid natin doon. Tangí sa rito, ang poók na iyo'y nasauppong sa púsod ng lakás ng mîga mangagahís, at doo'y magaún ang pátuluyang paglusob sa kanilá sakaling makalapit na't makakubkób ang karamihang kawal natin.

Hindi nasiyphán si Lakan Tikling sa ganitong mîga paliwanag ni Ipoipo. Ang di pagkilala nitó sa kanyang kataasan, ang pagtangí sa katurkulang inihahandog at ang pagbalik sa Hilagâ upang mamatnubay sa mîga naiwang kâbíg, ay pawang naglalâng sa kanyang loob ng malaking panggambá. Nagaalaalang baka ang kanyang pagka-Lakán ay mapuwíng ng kapangyarihang mâtutuklás ng kabantugan ni Ipoipo, pagka't noo'y baliità na ang pagkabayani nitó sa kapuluhan ng Maligaya. Kinakailangan huwag may makasagwîl sa kanya, na siya'y kilanlíng punò ng lahat ng punò at ýukurún ng tanan. Makasandali'y nagwikâ sa kausap:

—Kay dalf mong pahalatâ! Sa iyong mîga pangungusap, sa iyong mîga kilos, ay nadadlamá ko ang katotohanan ng mîga sumbóng ditong laban sa iyo. Ikaw'y isang imbing alipin ng mîga manglulupig, na ngayo'y nakikihalubilo sa mîga anak-bayan upang siyang maglugsô ng kilusáng ito pagkatapos. Hindi ka makalayô sa

kutà ng kaaway, pagka't sa kanila'y tumatangap ka ng atas at nagsusulit naman ng aining mîga ginagawâ.

Nagdilím ang mukhâ ni Gat Ipoipo ng máringgí ang gayong mîga salitâ, at nanangatál na sumagót:

—Mágino, mangyaring bawiín mo ang lahat ng isinaysay, na sumusugat sa dalisay kong mîga damdamin. Hindi ang táong kakahapunin lamang ang magsusúrot ng pagtakatsíl sa aking mîga gawâ. Magsabi ang mîga kaparanggâng iyang pinaglamayan ng aking mîga paa, ang mîga yunggî sa Mabató na di miminsang nag-alay ng malamig na hihigán sa katawán kong hapô, at nadilíg ng maraming luhâ ng waríng naba-banaagan ko ang pagkáparuól ng aking mîga pag-asa; magsabi silang lahát kung sa dibdib na ito'y nápatuón ang kurós na parangál ng Hari, ó nápahilig ang kurós ng sákit ng aking Inang Bavan... Ako'y nagsusukáb! Oh! Di pa kayó nagkaisiyá sa pag-abâ sa akin, at ngayo'y binibintangán pa ako ng isang marunçis na kaasakán. Salamat pô, mágino!...

At pagkawikâ nitó'y tumalikól si Ipoipo at umalis.

\* \* \*

Hindi nakaimík ang Lakán. Parang nápatdá sa pagkakáupô at nasusian ang mîga labí. Isang titig ng panggilalás ang tangíng naisunod sa bayaning pumapanaw.

Ang galit at panggambá'y nagkáhalong bumaklá sa kanyang dibdib; libolibong kaisipán ang naglagós sa kaniyang panimldm. Ano't gayon na ang pagkawalâng pitagan ng pinunong iyón? paglibák ba kayâ ang ipinahalatâ ng kanyang inasal? anóng kahulugán ng mîga hulíng pangungusap na iniwan niyâ? lumayô ba kayâng may inubót na makapanghigantí?... Guitó ang sa sarili'y naitatanóng ng palalong Lakán.

Sa hagdanan, isang magalang na batîng náríngí sa gawîng likurán ang ikinápalinngón ni Ipoipo. Pinababalik siyang sandali ng pangulong punò.

Pinihit ang kanyang mîga paa't muling pumaník.

—Ibig kong liwanagan mo 'ang iyong pagbabalà,—ang saad ni Tikling—Nais mo bagáng magmatigás sa iyong punò?

—Síno ako't síno ka po naman upang mangyari ang gaya ng iyong ipinaníngusap? Nag-sadyâ ako rito sa paniniwalâng kapatid din ang matatausán ko; nguni't hindi gayón, kundi pangginoon palá.

—Síkat na, Ipoipo; kilala ko ang iyong mîga han ad. Uuwî ka upang ipagbigay-alám sa kaaway ang boong námasid mo rito. Napakamhal ng salaping sa iyo'y naibayad nilá! Kung tunay na kampón ka ng Paghihimagsik, nararapat mong kilanlí't igalang ang kanyang katastaasang punò. Bandáy! Kung sa kanila'y ipagbilí mo ang iyong paglilingkód, sa aki'y ipagbilí mo naman ang iyong hinigâ...

—N it g it...!— ang nangigit na naihiyaw

n̄g bayaning nāgīn̄gīn̄g, putláng-putlā't dugūán ang m̄ga matá.

—M̄ga tánod, gapusin ang tíong itong tiktík n̄g m̄ga kaaway!

Hinandulóng n̄g karamihang kawal si Ipoipo; isimubasob, at sa isang igláp ay nalibid n̄g talí ang boong katawán.

Limáng putók na nárinḡg n̄g kinahapu-

nan sa síwang n̄g dalawang buról, ang siyang naglimbág sa Kasaysayan n̄g Paghihimagsik sa pulóng Maligaya, n̄g unang karumal-dumal na pagpatáy n̄g isang Bayani n̄g kanilang Kattúbusan, n̄g kahapishapis na pagkasawí n̄g isang anak-bayang siniyál n̄g Kasakima't Pangímbuló...

CELSO.

## Monumento sa Dakilang Bayani



Malaong panahong nabibitin ang panukalang makapagtayô dito sa Pasig n̄g isang karapatdapat na alaala sa marilag na amá n̄g ating m̄ga kalayaan, panukalang sa banta nami'y magagamap na ayon sa paanyayang ikinalat sa iba't ibang bayan nitong lalawigan, na ganito ang pagkakasabí:

### POR RIZAL

La idea de que la provincia de Rizal tenga un "Monumento" dedicado á la memoria del héroe á quien debe su nombre, ha sido y sigue siendo tan popular en esta provincia, que más de una vez se han manifestado iniciativas y proyectos para la realización de tal idea. Ella, no obstante, no ha tenido hasta ahora la conveniente realización por motivos y circunstancias desconocidos, lo cual ha dado lugar á la formación de un Comité que trate de los medios de llevar el proyecto adelante, Comité compuesto de los señores Octavio Amado, Ambrosio Flores, Fermín Paz, Silvestre Apacible y Servando de los Angeles.

El primer acuerdo de este Comité ha sido el de promover un miting magno atrayendo al mismo á todas las personas de buena voluntad de la Provincia, donde exploradas las opiniones de todas se pueda proceder á la elección de los Comités convenientes y tratar de los medios más conducentes para llevar á cabo tan patriótica idea.

En su virtud, este Comité tiene el honor de invitar á V. al miting que con dicho objeto tendrá lugar en la casa del Sr. Angel Asunción, sita en la Calle Real del barrio de Bambang de esta capital, el domingo 2 de Mayo próximo, á las 3 y  $\frac{1}{2}$  en punto de la tarde, agradiéndole de antemano su atención, en la seguridad de que hoy como siempre no se desmentirá el patriotismo de que ha dado V. tantas pruebas.

### ALANG-ALANG KAY RIZAL

Ang panukalang magkaroon ang lalawigang Rizal n̄g isang "Monumento" na alaala sa Bayaning kanyang kasāngay, kaylan man ay pasalak at malaganap sa lalawigang ito, na di na miminsang nápahayág ang ilang balak at m̄ga palagay upang matupad ang gayong panukalà. Datapwa't hanga n̄gayo'y di pa naisasagawang lubós, sanhí sa m̄ga balabalaking kapinsalaang hindi maturan, bagay na naging dahil n̄g pagtatatag n̄gayon n̄g isang Lupong hahanap n̄g paraan upang ipagpatuloy ang naulit na munakalà, Lupong binubuó n̄g m̄ga Gg. Octavio Amado, Ambrosio Flores, Fermín Paz, Silvestre Apacible at Servando de los Angeles.

Ang unang minarapat n̄g Lupong ito ay ang pagdaraos n̄g isang malaking pulong at anyayahan ang tanang may magagandang loob sa lalawigang ito, upang kung maunawá na ang pasyá n̄g lahat ay magawá ang paghahalál n̄g m̄ga kailangáng Lupon at pag-usapan ang lalong m̄ga tumpák na paraan sa ikatutupad n̄g ganyang napakadakilang panukalà.

Susog sa bagay na ito, ay ikináráranág n̄g Lupong nábaangit na anyayahan kayó sa pulong na gagawin sa babay ni G. Angel Asunción, daang Real n̄g nayon n̄g Bambang n̄g pangulong bayang ito, sa araw n̄g Lingo, ika 2 n̄g papasok na Mayo, sa tadhanang ika 3 at kalahating oras n̄g hapon, tuloy ipinagpapauná ang pagkilalang loob sa inyong paunlák, lakip ang pag-asang n̄gayon at kaylan man ay di mabubulaan ang inyong pagkamakabayang laging ipinamamalas.

*Pasig, 21 de Abril de 1909.*

## Tungkol sa isang pamagát

Nagpasabi sa amin ang kumathâ n̄g salaysay na may ulong "Mapaghinala...!", na sumasa ika-siyam na mukhâ n̄g bilang na ito, upang baguhin ang kanyang pamagat na *Taga-ulap*, n̄guni sapagka't n̄g aming tangapin ang pasabing yaon ay nalimbag na ang naturang mukhâ, kaya't dinaramdam namin ang di pagkasunód n̄g pita n̄g giliw naming katulong.

## LOS OPERARIOS FILIPINOS

Almacén de comestibles y bebidas  
del país y del extranjero.

CENTRAL:	SUCURSAL:
6 Villalobos, Quiapo	277 Tabora, S. Nicolás
MANILA, I. F.	

# Kilos n̄g m̄ja Kapisanan sa Rizal

## PULONG N̄G KALIPUNAN

Ipinag-áanyaya sa lahat n̄g m̄ga Kinatawán ang karaniwang pulong na idáraos n̄g KALIPUNAN sa ika 9 n̄g buang papasok, sa páaralang "La Patria", daang Sta. Rosa blg. 106, Kiapo, Maynila, sa gánap na ika 9 n̄g umaga.

Hán sa m̄ga bagay na pag-uusapá'y ang tungkol sa m̄ga kabaguháng nauukol gawin sa Palatuntunan, at ang pagsisiyasat naman sa lákad n̄g páhayagang tagapamanság n̄g Kalipunang ito.

Dahil dito'y isinasamong huag silang man̄gag-kulang sa pagdaló sa tañhanang araw at oras.

## "Itaguyod ang Bayan"

Kasalukuyan n̄gayóng nagsisíkap ang kapisanang ito sa San Juan del Monte, sa pagpapatayô n̄g kanyáng sariling bahay. Sinasabing di na malalauna't yao'y mánamalas n̄g madlâ.

## "Liwayway Tagiig"

Ang Lupong-pámumuan n̄g kapisanang ito'y binubúô n̄g m̄ga ginoong sumusunod:

Pangulo, G. Alejandro Santos; Pang. Pangulo, Bb. Agripina Natividad; Kalihim, G. José Pagtakhan; Pang. Kalihim, Bb. Bárbara Cruz; Ingáat-Yaman, G. Benito San Juan; at m̄ga Kasanguni, GG. Leon Imbaw, Lorenzo Cruz, Servillano Bautista at Laureano Lizardo.

## "Harapín ang Búkas"

Kaughnáy n̄g náilathatlâ na namin sa ikap na bilang, ang sumusunad ay m̄ga kagawad n̄g Lupong-pámahalaan n̄g kapisanang sinabi:

Pangalawang Kalihim, Bb. Vicenta Jerónimo (hindi Vicente na gaya n̄g aming inihayag); Ingáat-Yaman, Bb. Francisca A. José; m̄ga Kasanguni, GG. Melecio Canteras, Ricardo Tatko, Guillermo Torres, Eliseo N. Evangelista, Simeona Raymundo at Francisca Javier.

## Tayo-tayo lamang...

Naaalaala mo paba, bumabasang irog, yaong napanood natin noong isang magkita tayo, yaon bang nakatayô sa tabing bakod na lilinǵalinga't anaki'y sasayaw? Naaalaala mo pa ba?...

Na kung sino siyá?

Huwag kang magtátatanóng n̄g pangalan n̄g ganyang m̄ga táo; súkat na ang pagmasdán mo ang kanilang anyô, suriin mo kung nawawastô ó hindi, at paghanggúan mo n̄g m̄ga halimbawâng sa iyo'y magpanuto sa magaling.

Oh! tingnán mo naman ang dumáraang

## "Kabinataang Nabutas"

Sa huling hálalang ginawa n̄g kapisanang ito'y nápiling m̄ga Kinatawán niya sa Kalipunan si G. Valentin D. Santos at G. Luis A. Santos.

## "Bagong Sinag"

Ang pamahalaan n̄g Kapisanang ito sa Sampiro ay binubuo n̄g m̄ga ginoong sumusunod:

Pangulo, G. Celestino Chaves; Pangalawang Pangulo, G. Cesario Silverio; Kalihim, G. Juan Baltazar; Pangalawang Kalihim, G. Patricio López; Ingáat-Yaman, G. Valentín Magsaysay; at m̄ga Kasanguni, GG. Mariano Griarte, Hermenegildo Cope, Alejandro Domingo, Hermógenes Santos, Martín Chaves at Emilio Reyes.

## "Sulong sa Kabayanihan".

Ginanap n̄g kapisanang itó sa San Mateo, Rizal, noong linggong nakaraan, ika 26 nitong kasalukuyan, ang paghahalal sa m̄ga bagong bumubuo n̄g Kapulunǵang Tagapamahala sa naturang kapisanang, at ang náhalal ay ang m̄ga sumusunod:

Pangulo, G. Jerónimo de los Angeles; Pangalawang pangulo, Bb. Mercedes B. del Rosario; Kalihim, Mamerto Cruz; Pangalawang kalihim, Bb. Consuelo Aguirre; Ingáat-yaman, Bb. Sotera Cristi; Tagabalita, Alejandro Santos; Pangalawang tagabalita, Luis Santiago; Tagapuna, José S. Hilario; Taga ingáat-bahay, Modesto Espíritu at Severino Cruz; Kinatawan sa Kalipunan sa Rizal, José S. Hilario at Luis Santiago.

Harinángang ang kapisánang ito na noóng kanyáng m̄ga únang áraw ay nákitáan n̄g kagilgilalas na siglá, ay huwag datalán kailán pa man n̄g kamandág n̄g Panglulumó sa harap n̄g m̄ga súlungahín.

iyan, bihis mahal na babáe, matigás ang pananamit, at sa m̄ga labi'y naninikwás ang isang tabako.

Dadayo ba, wika mo, n̄g pangginge?

Kayá palá! Sa panggingihan n̄g kinakailangang magsuot n̄g marikit, magparangal n̄g m̄ga hiyas, makiharáp n̄g maayoso, doon sa súgalan.

At sa táhanang sarili'y súkat na ang isang kamisetang luwâ ang balikat, súkat na ang isang sáyang nanganganinanag, malatâ at nanglilimahid, sa piling n̄g sintáng asawa't m̄ga anak.

Italâ mo iyan, kaibigan ko.

Hindi iba't ang babáe ring iyan ang minsáng nápanood kong sumalubong sa

isang panauhin, ng... (kay halay!)... na-kanagwas lamang.

Huwag kang mamulá, giliw ko; ako man sa sarili'y nakukutyáng bukhin sa bibig ang gayón, pagka't ako'y kabarò mo rin at kabarò din naman niya.

Dapwa't kinakailangáng iguhit ang mga kabuhalhaláng asal na iyan, upang ipamutlá ng mga walang hiníng nakasisiráng puri sa ating lahat.

At anó ang wiwikain mo sa pananabako?

Humítít!... humítít! Hindi magandáng tingnán. Nakapagpapalayáy ng mga labí't nakapanángítim ng ugipin.

At tangí sa rito'y nakapagbibigay sa hininggá ng di masamyéng amóy.

Masdán mo naman, giliw ko, iyang na-kaupô sa pápag ng tindahan. Ang isang paa'y nakataás at ang isa'y kumukuyakoy, at kumakain ng bibingká.

Marámi raw totoong nakikita akó.

Mangyari, kaibigan, ay dilát ang aking mga matá't matalas magmámasid.

Hindi ba magandá ang nakikita mong iyan? Upang maglalò ang kagandaha'y walang kulang na lamang kundi ang palabasin sa baywáng ang kamiseta't magpasuso roon ng anák.

At sa mga batang itong ása mo'y basahan ang pananamit, na pagalagalà sa mga lan-saṅgan, anó naman ang sasabihin mo?

Ugali't ang nagdadalá raw ay ang kahirapan.

Kahirapan! Iyan ang karaniwang kublihan ng mga táo pagka nababati mo ang kani-lang mga kapangitan. Iyan, at tangíng iyan lamang.

Subali't sa pagdayo sa mga pistá, sa pagdaló sa mga pigíng, sa pagsisimbá, pag-papasyál at pagmamakisíg, walang kahirapan silang nadadahilán, malayòng malayò sa kanila ang pagkamahirap.

Sapagka't nakapagsusuo ng maayos at marikit, nakagagamit ng mga hiyas na mahalagá, nakapagkikiyás mariwasá.

Ito ang di ko mahulèng pag-uugali rito sa atin, hindi lamang sa mga babae, kundi patí rin naman sa mga lalaki.

Kágugulatan mo silá kung mápapanood sa mga pigíng; dapwa't sa kanikanilang bahay ay nanganglilimahid at lahat ng kasamla-ngíng ugali'y siya mong makikita.

Higit ba naman kaya ang kamahalan ng táhanan ng ibang táo kay sa tahanang sarili? hindi bagá kayá kapítapitan ding paris ng ibá ang asawa, anák at mga kassambahiy?

Dahilán, wika mo, na sa bahay ay nag-tatrabaho, kayá nangyayaring manglimahid ang pananamit.

Inaamin kong dumumí dahil sa paggawá; nguni't ang manglimahid pa sa oras na walá nang gawain, ay di ko maipagpapatawed.

At kung hindi, turan mo nga sa akin kung ano ang anyó ng babáeng iyong na-nunguyakoy at kumakain ng bibingká sa tindahan. Pagmasdan mo ang pananamit kung karapatdapat ipakiharap sa kapwa tao.

Iya'y hindi gawá ng kahirapan, iya'y di dahil sa pagtatrabaho, na gaya ng iyong iminamatwid. Wala siya sa sariling bahay, dumadayo lamang ng satsatan at kumakain ng kakanín; naglilibang lamang, hindi nag-tatrabaho.

Ayún, tingnán mo, pati ng intsík na nagtitinda'y hindi nangingimbing bumiró, bumatak at tumapiktapik sa kanyang mga kamay.

Paano'y siyá rin, ang kanyang anyó at kilos, ang una-unang pumapawi ng kamahanan at pitagan sa kanyang sarili.

Nápupuna kong marami sa ating mga kababayán ang may maling hinagap tungkol sa pananamit. Sa ganang kanila'y isang palamuti ito ng katawán, kaya't madlâ ang naggugugol ng maraming salapí sa isang barò lamang, ó sa isang saya, ó sa isang tapis na marikit.

At kung kaya naman sa pagyáo sa mga pistá, mga pigíng at iba pang kasayahang dinadaluhan ng maraming táo, ay saka lamang *nagbibihis*.

Gadamulag na kamalián!

Ang damit ay *pangbalot* lamang sa katáwan, upang maiwas ito sa mga singáw ng panahón; isang kalasag ng kahinhinan ng táo. Wala na kundi iyan.

Hindi kailangan ang maging marikit ó maging mahal; ni hindi nakapagdaragdag ng kagandahan sa babae ang mainam na pananamit.

Ang maríng na kasoota'y sumisilaw lamang sa mga may kulabà sa matá at nagpapahanág sa mga dulíng; hindi naka-aakit sa méa may matuwid na pangmalas.

Kung nanasain mo, kaibigan, ang manamit ng mainam upang ikaw ay magmukháng magandá ó máragdagan ang iyong kagandahan, alalahanin mo ang aking sinabi, na: ang inam ng pananamit ay walang naibigay na ano mang kagandahan sa nagsusuo.

Maniwala ka.

JUANA DALISAY.

## LA OCEANIA

RESTAURANT DE E. NUESTRO

Cubiertos de -P- 0'40 á 0'50.

Salcedo, No 21 y Dulumbayan, No. 20.

## Ang "Base-ball" sa Marikina

---

Isang liham na buhat sa Mandaluyong ang tumututol sa kathalà ng isang taga Marikina na náhayag sa "Muling Pagsilang" niyong ika 22 nitong buan, at nagpapaliwanag naman tungkol sa signalót na nangyari sa paglalaró nila ng base-ball.

Sinasabing tunay ngāng manununtók ang *pitcher* ng taga Mandaluyong, pagka't ito'y pinalibhasà ng dalirì ng manglarong Marikinang nanasok ng *home*, kaya't pati ng punong bayang kaharap na ultiwanagan sa gayong pangyayari ay nakapagbukáng bibig din laban sa taga Marikinang pinagmulán ng di mabuting halimbawà.

Hindi totoong sa labás ng *home base* umilag ang pumalong taga Marikina na tinamaan ng bola; siya'y sa loob umilag, at ito'y pinatu-nayan pa ng Juez de Paz doong nanonood din.

At ang dugtong pa ng sa ami'y sumulat:

"Ang signalot na ito'y siyang pinangalingan ng totoong mahabang pagtatalo ng māga nāngāsiwa ng dalawang pangkatin, at gayon din ng māga nanonoód; dapua't di rin nagkasundo, sa dahilang hinihingi ng taga "Circulo Marikeño" na upang maipagpatuloy ang paglalaro ay alisin ang una nilang patay (*out*) sa huling larong ginawa at ulitin pa ang huling *inning*. Sa anong dahilan kaya at hiniling nīlang alisin ang isang patay (*out*) at ulitin pa ang *inning*? nāngāngambá kaya silang kung hindi hinéñ ang gayon ay di na sila mananaloo? ó pinanghihinayan ng naman kayang ipatalo ang kanilang... nalalaman? At saan kayang pangkatin ng alituntunin ng *Base-Ball* nalalagay ang gayong hiling na pinagnanasaan kong makita magmulà pa ng mangyari ang naturang signalot? Kung sakaling bulag ang aking māga matá sa pagkita ng alituntuning iyon, ay may lakás ang lahat ng taga Marikina upang ituro sa akin.

"Ang lahat ng ito'y ipinaubaya ko sa tānang māga mangbabasa, at kung sakaling walang pagkakitaang katotohanan ang māga sinabi ko dito, ay walang kailangang ikapit sa akin ang wikang bulaan at bigyang sala ang māga taga Mandaluyong."

---

## Māga bagong pahayagan

---

### "Revista Caviteña"

Tinanggap namin ang māga bilang ng pahayagan itong ilinalathala tuwing sábado sa Tāngway, Kabite. Sinusulat sa tatlong wika, inglés, kastilà at tagalog, at ang unang bilang ay lumabás niyong ika 20 ng buan ng Marzo.

Magkaróón nawa ng mahabang búhay ang bagong kasamaháng itó.

### "Filipinas"

Lumabás na ang mainam na páhayagan itóng linguban din, at ilinalathala sa Maynila,

na nauukol sa pagtuturo't pagsasangaláng ng māga katwiran ng babáe. Pinunán nito ang isa sa malalaking kailangán ng ating bayan, na di ibá't ang pagkakaroón ng isang babasa-híng makapagpapabukás ng isip sa ating kababaihan, at sa kanila'y makapagpapataás.

May dalawang wika, kastila't tagalog, at nagtaglay pa ng dalawang bukód na dáhong may larawan ng māga bantog na babáe sa sangdaigdig.

Pinamamahalaán ang "Filipinas" ng kilalang manunulat at mámanahayág na si Bb. Constantia Poblete, na tinutulungan ng māga matalino't marangál na Bb. Pura Villanueva at Felicidad Legaspi, at pinangāngasiwaan naman ng Bb. Francisca Gésmundo.

Tangapin ng kapamahayagang ito ang māiliw naming batí, kalakip ang nasang lumawig ang kanyang búhay sa ikapagwawagí ng dakilang layong pinakamimithí.

### "Trabajo"

Ito uama'y tagapamanság ng "Kapisanan ng Paggawa sa Pilipinas," na lumalabas sa Maynila tuwing martes, jueves at sabado. Ilínalathala sa dalawang wika, kastila't tagalog, at nagtaglay ng mainam na salaysáy na nauukol sa māga anák ng pawis. Pinamamahalaan ng matalino manggagawang si G. Hermenegildo Cruz.

Mabíhay nawa ng mahabang panahón.

---

## Māga hatol na mahahalaga

---

### *Tungkol sa pagtunaw ng kinain.*

Ang táong mahirap na matunawan ay di narapat uminom ng tubig pagkakain. Kalahating oras muna bago kumain ay makaiinom ng isang basong tubig, at huag ng uminom pagkakain kundi kung makaraan na ang māga isang oras. Saka siya uminom hangang makakakaya.

### *Ang init ng araw at ang ating balát.*

Kung ganitong tag-araw ang balát natin ay nagkukulay sunóg pagka nakapaglalakad sa initan. Ito'y mapapawi ng pinaglahoklahok na magkasindaming katás ng dayap, agua de rosas at alcohol rectificado, na patitiningg maghapon bago sasalain sa isang masinsing káyo at siyang ihuhugas sa mukha't māga kamay bago matulog sa gabi at pagkágising sa umaga.

### *Pangpakináng na muli.*

Ang māga hiyas na gintong may mababang urí ay nagtaglay ng isang ikapat na bahaging tanso na siyang nagpapangítim na madali pagkaginagamit. Upang mapanauli ang dating kináng, ay walang gagawin kundi hugasan lamang ang nasabing māga hiyas ng kaunting amoniaco caústico, saka itagong nababalot ng búlak.

## *Sombrereria ni Gerardo H. Vicente*

Tindahan ng sari-saring sambalilo, zapatos, corbatas, puños, barong-lalaki, atb. Halagang walang kasingmura sa boong Sangkapuluan.

50—CARRIEDO—50

**Antonio J. Oliveros**  
DENTISTA  
**CALLE CARRIEDO, No. 82.**  
Altos del almacen MADRILEÑA.  
TELÉFONO No. 1302

**El Adelanto del Siglo**  
Gawaan at tindahan ng sapatos.  
Mga tagalog ang yumayari.  
**MAINAM, MATIBAY AT MURA.**  
Daang Crespo, Blg. 109, Kiyapo, Maynila.

**SOMBRERERIA**  
DE  
**M. E. EVANGELISTA**  
100 y 102 Carriedo, Quiapo I. F.  
Surtido de sombrero kalasiaw, baliwag y  
buntal, fieltro, lana y paja.  
Blanquea y tiñe.

**S. APACIBLE**  
ABOGADO  
Pasig, Rizal. I. F.

**Credores Gonzales**  
ABOGADO  
Y NOTARIO PUBLICO

Concepcion, Malabon, Paz, No. 433, Sta. Cruz  
RIZAL. Manila, I. F.

**ZAPATERIA Y TALABARTERIA**  
*ni VALERIANO CASTILLO*

Sari-saring hugis ng sapatos at guarnisyong  
iba't ibang klase ang dito'y matatagpuan sa  
murang halaga. Pagsadyain at ng paniwalaan.  
CRESPO 107, KIYAPO, MAYNILA.

## **SOMBRERERIA "SILAÑGANAN"**

113—CARRIEDO—113

Nagbibili at naghuhulma ng kahit anong sambalilo lalo na't yaring pilipino, gaya ng Buntal, Sabutan, Baliwag, Buli, at ibp.

**MURA, MADALI AT MARIKIT**

Pagsadyain at nang maniwala.

**Ramón Diokno**  
ABOGADO

Calle Salinas, No. 291, Manila, I. F.

Nangançailangan kayó ng maiinam na panbangó at gamot na mabibisa?

Pagusigín ninyo ang

**Botika ni F. CONCEPCIÓN**

Sa Pasig, Rizal, at kayo'y masisiyahan.

## **CRISPULO ZAMORA**

PROPIETARIO

**PLATERO Y GRABADOR**

30—CRESPO—30

Medallas, Botones, Insignias, Copas, Ornamentos  
de Iglesia, Calices, Bastones, Alhajas, Timbres  
de todas clases, Caratulas de  
bronce comercial, etc.

Teléfono 1032.

Manila, I. F.

Kabinataan, ibig ninyó ng mga sambalilong busilak sa puti  
panhang nakalulugod?

Nangançailangan kayó ng sambalilong mapanghaliná?  
Tunguhin ang

## **SOMBRERERIA**

<sup>NI</sup>  
**REYNALDO P. REYES**  
Daang Crespo 110—112 Kyapo.

At dooy' masusumpungan ninyó ang lahat ng itó na pawang  
mura, matibay at maayos ang pagkakagawa.

## **MARTIN LONTOK**

Yumayari sa madaling panahon ng mga gawain sa  
bakal at umaaayos ng mga baril, mákinang panulat  
mga bisicleta at iba pang mga gawaing kauri nito.

Daang Crespo, Blg. 114, Kiyapo.

# PICKETT HARNESS Co.

## BELTS

Echague, Kiyapo.

Maynila, S. P.

Sandaang hitsura ng mga sinturon alinsunod sa moda.

Mga monturang ingglés at amerikano, maiinam at mura.

Mga polainas, kabán at mga sisidlán.

Mga guarnisyong iba't ibang clase.

Siyang pinakamalaking tindahan ng mga bagay na ito  
dito sa Kasilanganan.

### GOSSAGES SOAP

HARINA:

VICTORY, LEON, GALLO &  
IMPERIAL, &c.

MAQUINA PARA ZAPATOS  
m "HILDEBRANDT"

CROMOS ANUNCIADORES DE  
ALEMANIA.

### ALMACEN DE COMESTIBLES

BLANCO, 16, QUIAPO

TALLER DE

TALABARTERIA

DASMARIÑAS, 84.

BINONDO.

José P. de Tagle

TELEFONO. 1425

DIRECCIÓN TELEGRAFICA

Tagle-Manila

# "MARIKIT - NA"

Malaking gawaan at tindahan ng mga sari-saring hugis na sapatos  
na pawang yaring pilipino.

Nagbibili ng mura, lubha pa kung docena.

San Sebastian, Blg. 203, Kiyapo, Maynila.

MAQUINAS PARA COSER S  
 MAQUINAS PARA BORDAR I  
 Pagos Semanales N  
 DESCUENTO G  
 POR PAGO AL CONTADO E  
**33 ESCOLTA:** R  
 MANILA.

**MAKINA**  
 SA PANANAHİ  
 MAKINA  
 SA PAG BUBURDA  
 LINGGUHAN  
 ANG BAYAD  
 SA BIGLANG  
 BAYARA'Y  
 MAY  
 BAWAS.

"GERMINAL"  
 GRAN FABRICA DE  
**TABACOS Y CIGARRILLOS**  
 Marquez de Comillas, No. 4, Manila.

*Elaboración Especial con Tabacos  
 escogidos y enviados.*

Premiada en todas partes.

# ¡¡¡ ATENCIÓN !!!

Participo á los Señores Candidatos y á sus LEADERS,  
para cualquier cargo oficial que acabo de recibir materiales de  
toda clase y diferentes colores pedidos expresamente para la  
impresion, con y sin RETRATO (fotograbado) de tarjetas de  
propaganda, plataformas, manifiestos y otros concernientes á  
las elecciones así como á la

**IMPRENTA, LIBRERÍA, PAPELERÍA, ENCUADERNACIÓN,**  
**fabricacion de timbre notarial en seco y de goma, etc. etc.**



NOTA: Los pedidos serán inmediatamente atendidos y enviados  
los de provincias respectivas por correo ó por otros medios  
á elección de los interesados.

Ojo BUENO, BONITO y BARATO.



## **ANDRÉS BONIFACIO Y CASTRO**

**OBSEQUIO DEL "KATÚBUSAN", FABRICA DE TABACOS Y CIGARRILLOS**

Sociedad anonima genuinamente filipina, fundada, constituida y dirigida por obreros filipinos, Jolo 308, 310 y 312, Binondo, Manila, I. F.

*(Este cliché representa el más fiel retrato del Gran Fundador del K.º K.º K.º A.º N.º B.º y se ha copiado del único ejemplar fotográfico que posee el Sr. Guillermo Masangkay, uno de los contemporáneos y colaboradores de este Héroe.)*